# Paunawa ng Pag-iingat sa Pamamaraan

Pebrero 2021



THE LEGAL FRAMEWORK
for the Child-Centered Special Education Process

Link to The Legal Framework

TEA
Texas Education Agency

Link to TEA Special Education

# Talaan ng Nilalaman

Paunawa sa Pag-iingat sa Mga Pamamaraan ... 3
Mga Karapatan ng Mga Magulang ng Mga Batang May Kapansanan ... 3
Mga Pamamaraan ng Pangangalaga sa Espesyal na Edukasyon (Special Education) ... 3
Magulang na Nag-ampon bilang Magulang ... 3
Kahaliling Magulang ... 2
Paghanap sa Bata ... 2
Paunang Nakasulat na Paunawa ... 2
Pahintulot ng Magulang ... 3
Mga Pamamaraan Kapag Dinidisiplina ang mga Batang May Kapansanan ... 5
Boluntaryong Pagtatakda ng Mga Magulang sa Pribadong Paaralan ... 11
Paglilipat ng Mga Karapatan ng Magulang ... 12
Impormasyon ng Espesyal na Edukasyon ... 13
Paglutas ng Mga Di-pagkakaunawaan ... 13
Pangangasiwa ng Estado Sa IEP ... 14
Mga Serbisyo ng Pamamagitan ... 14
Proseso ng Resolusyon ng Reklamo ukol sa Espesyal na Edukasyon ... 15
Mga Pamamaraan sa Kaukulang Proseso ... 16
Impormasyong ng Pakikipag-Ugnayan ... 24
Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan para sa Paglutas ng Pagtatalo ... 24

**Karapatang-ari © 2021. Texas Education Agency. Lahat ng Mga Karapatan ay Nakalaan.**

# Paunawa sa Pag-iingat sa Mga Pamamaraan
# Mga Karapatan ng Mga Magulang ng Mga Batang May Kapansanan

Iniaatas ng Batas ukol sa Edukasyon ng mga Indibidwal na May Kapansanan (Individuals with Disabilities Education Act, **IDEA**), alinsunod sa isinusog noong 2004, na bigyan ng mga paaralan ang mga magulang ng batang may kapansanan ng paunawang naglalaman ng buong paliwanag sa mga pamamaraan ng pangangalaga na isinasagawa sa ilalim ng IDEA at ng mga regulasyong ipinapatupad nito. Layunin ng dokumentong ito, na binuo ng Texas Education Agency (**TEA**), na tugunan ang iniaatas na paunawang ito at tulungan ang mga magulang ng mga batang may kapansanan na maunawaan ang kanilang mga karapatan sa ilalim ng IDEA.

## Mga Pamamaraan ng Pangangalaga sa Espesyal na Edukasyon (Special Education)

Sa ilalim ng IDEA, ang kahulugan ng terminong *magulang* ay ang biyolohikong magulang, ang kinikilalang magulang, ang magulang na nag-ampon na nakakatugon sa mga kinakailangan sa estado, isang tagapangalaga, isang indibidwal na tumatayong biyolohikong magulang o magulang na nag-ampon (kasama na ang lolo at lola, amain o madrasta, o iba pang kamag-anak) kung kanino nakikitira ang bata, isang indibidwal na may ligal na responsibilidad para sa kapakanan ng bata, o isang nanay-nanayan/tatay-tatayan.

Ang termino na *katutubong wika*, kapag ginagamit sa taong may limitadong kaalaman sa wikang Ingles, ay nangangahulugan bilang ang wikang madalas na gamitin ng taong iyon. Kapag ginagamit sa mga taong bingi o hirap na makarinig, ang *katutubong wika* ay ang pamamaraan ng pakikipag-ugnayan na madalas gamitin ng taong iyon.

Kailangang ibigay sa iyo ng paaralan ang *Paunawa ng Pag-iingat sa Mga Pamamaraan na ito* nang isang beses lamang sa isang school year (taon ng pagpasok sa paaralan), maliban sa pagbigay sa iyo ng isa pang kopya ng dokumento sa unang pagpapakilala o sa paghiling mo ng isang pagsusuri, sa pagtanggap ng unang reklamo sa special education na isinampa sa TEA, sa pagtanggap ng unang proseso ng pagdinig ng reklamo sa isang school year; kapag isang pagpapasiya ang nabuo na magpapatupad ng isang pagpaparusa na nangangahulugang may pagbabago sa placement o pagtatakda, o sa iyong kahilingan.

Ikaw at ang paaralan ang nagdedesisyon tungkol sa programang pang-edukasyon ng iyong anak sa pamamamagitan ng komite ng *pagtanggap, pag-susuri, at pagpapaalis* (*admission, review, dismissal o* **ARD**). Pinagpapasiyahan ng komite ng ARD kung ang iyong anak ay kwalipikadong tumanggap ng espesyal na edukasyon at iba pang kaugnay na serbisyo nito. Binubuo, sinusuri, at nirerebisa ng komite ng ARD ang isinapersonal na programang pang-edukasyon (*individualized educational program*, **IEP**) ng iyong anak, at pinagpapasiyahan nito ang pagtatakda ng edukasyon sa iyong anak. Mayroon pang karagdagang impormasyon ang paaralan ukol sa papel na ginagampanan ng komite ng ARD at ng IDEA sa kasamang dokumento na Gabay ng Magulang sa Proseso ng Pagtanggap, Pagsusuri, at Pagpapaalis *(Parent's Guide to the Admission, Review, and Dismissal Process) (Link: fw.escapps.net).*

## Magulang na Nag-ampon bilang Magulang

Sa ilalim ng IDEA, ang magulang na nag-ampon ay maaaring kumilos bilang magulang maliban kung ipinagbabawal ito ng batas ng estado o patakaran o maliban kung ipinagbabawal sa obligasyon na pinagkasunduan sa entidad ng estado o lokal na entidad na kumilos bilang magulang ang magulang na nag-ampon. Sa Texas, kung ikaw ay magulang na nag-ampon sa batang may kapansanan, maari kang tumayong magulang kung sasang-ayon ka na lumahok sa pagdedesisyon para sa espesyal na edukasyon at kung kukumpletuhin mo ang kinakailangang programa ng pagsasanay bago ang susunod na pulong ng komite ng ARD ng bata, pero hindi lalampas sa ika-90 araw pagkatapos mong magsimulang tumayong magulang para sa layunin ng pagdedesisyon tungkol sa espesyal na edukasyon ng bata. Kapag nakumpleto mo na ang aprubadong programa ng pagsasanay, hindi mo na kailangang kumpletuhin itong muli para tumayong magulang ng parehong bata, o kumilos bilang magulang o kahaliling magulang para sa ibang bata. Kapag nagpasiya ang paaralan na hindi ka italaga bilang magulang para sa mga layunin ng pagdedesisyon tungkol sa espesyal na edukasyon, dapat itong magpadala sa iyo ng nakasulat na paunawa sa loob ng pitong araw ng kalendaryo matapos ang petsa kung kailan ginawa ang desisyon. Dapat ipaliwanag sa paunawa ang mga dahilan ng LEA para sa desisyon nito at dapat ipaalam sa iyo na maaari kang maghain ng reklamo sa espesyal na edukasyon sa TEA.

## Kahaliling Magulang

Kung, pagkatapos ng makatuwirang pagsisikap, hindi makilala o mahanap ng paaralan ang magulang ng isang bata, ayaw o hindi makakatayo bilang magulang ang magulang na nag-ampon, ang bata ay hindi kasama sa bahay ng magulang na nag-ampon, o ang bata ay isang alaga ng estado, kailangang magtalaga ang paaralan ng kahaliling magulang na kikilos bilang kahalili ng tunay na magulang ng bata, maliban kung ang bata ay alaga ng estado at naghirang ang korte ng kahaliling magulang. Kailangan ring maghirang ang paaralan ng kahaliling magulang para sa batang walang-tahanan at walang kasama, gaya ng tinutukoy sa McKinney-Vento Homeless Assistance Act (Aktong McKinney-Vento sa Pagtulong ng Mga Walang Matirhan). Sa lalong madaling panahong pagkatapos magtalaga ng kahaliling magulang para sa batang walang-tahanan o nasa kahaliling pangangalaga, dapat magbigay ang paaralan ng nakasulat na paunawa ng pagtatalaga sa nagdedesisyon tungkol sa edukasyon at case worker ng bata.

Para sa higit pang impormasyon, pumunta sa Children and Youth Experiencing Homelessness (Link: bit.ly/39v6KzG).

Para maging karapat-dapat sa pagtayo bilang kahaliling magulang, ikaw ay dapat na hindi isang empleyado ng gobyerno, paaralan, o anumang ahensya na sangkot sa edukasyon o pangangalaga ng bata, at dapat na wala kang anumang interes na sumasalungat sa interes ng bata. Ang isang tao na hinirang bilang kahaliling magulang ay dapat na may sapat na kaalaman at kakayahan, nakahandang magsilbi, nagsasagawa ng malayang pagpapasya sa pagtataguyod ng interes ng bata, siguraduhing hindi nalalabag ang karapatan ng bata para sa nararapat na proseso, bisitahin ang bata at ang paaralan, repasuhin ang talang pang-edukasyon ng bata, kumonsulta sa sinumang tao na sangkot sa edukasyon ng bata, dumalo sa mga pulong komite ng ARD, at kumpletuhin ang programa ng pagsasanay. Ang tao na hinirang ng paaralan para kumilos bilang kahaliling magulang ay dapat na kumpletuhin ang programa ng pagsasanay bago ang susunod na pulong komite ng ARD ng bata ngunit hindi lalampas sa ika-90 araw matapos ang unang araw ng pagkahirang bilang kahaliling magulang. Kapag nakumpleto mo na ang aprubadong programa ng pagsasanay, hindi mo na kailangang kumpletuhin itong muli para tumayong magulang ng parehong bata o kumilos bilang magulang o kahaliling magulang para sa ibang bata.

Para sa karagdagang iniaatas sa mga kahaliling magulang, pakitingnan ang 19 TAC §89.1047 (Link: bit.ly/39B7jIa).

## Paghanap sa Bata

Ang lahat ng batang may kapansanan at naninirahan sa estadong ito, na nangangailangan ng espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo, kasama ang mga batang may kapansanan na walang-tahanan o mga alaga ng estado at ang mga batang may kapansanan na nag-aaral sa mga pribadong paaralan, gaano man kalala ang kanilang kapansanan, ay kinakailangang makilala, mahanap, at masuri. Ang prosesong ito ay tinatawag na *Child Find.*

Bilang bahagi ng aktibidad na Child Find, kailangang maglathala o mag-anunsyo ang LEA ng paunawa sa mga pahayagan o ibang media, o pareho, nang may sapat na sirkulasyon para maabisuhan ang mga magulang tungkol sa aktibidad ng paghanap, pagkilala, at pagsusuri ng mga batang nangangailangan ng espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo.

Para sa mas buong paglalarawan ng mga inaatas ng Child Find, mangyaring sumangguni sa The Legal Framework for the Child-Centered Special Education Process (Link: fw.escapps.net).

## Paunang Nakasulat na Paunawa

May karapatan kang mabigyan ng nakasulat na impormasyon tungkol sa mga aksyon ng paaralan na nauugnay sa pangangailangan ng iyong anak ukol sa espeyal na edukayon. Kailangan kang bigyan ng paaralan ng paunang nakasulat na paunawa sa loob ng makatuwirang panahon bago sila magmungkahi na magsimula o baguhin ang pagkakakilanlan, pagsusuri, o pagtatakda ng edukasyon ng iyong anak o ang libreng naaangkop na pampublikong edukasyon **(**free appropriate public education, **FAPE)** na ibinibigay sa iyong anak. Mayroon ka ring karapatan para sa paunang nakasulat na paunawa bago tumanggi ang paaralan na magsimula o baguhin ang pagkakakilanlan, pagsusuri, o pagtatakda ng edukasyon ng iyong anak o ng FAPE na ibinibigay sa iyong anak. Dapat ibigay ng paaralan ang paunang nakasulat na paunawa, sumang-ayon ka man sa mga pagbabago o ikaw mismo ang humiling nito.

Sa Texas, dapat kang bigyan ng paaralan ng paunang nakasulat na paunawa sa loob ng di-bababa sa limang araw na may pasok sa paaralan bago nito ipanukala o tanggihan ang pagkilos maliban kung sumang-ayon ka sa loob ng mas maikling balangkas ng panahon.

Dapat isama ng paaralan sa paunang nakasulat na paunawa ang: deskripsyon ng mga pagkilos na

iminumungkahi o tinatanggihang gawin ng paaralan, paliwanag kung bakit iminumungkahi o tinatanggihan ng paaralan ang pagkilos; deskripsyon ng bawat paraan ng pagsusuri, pagtatasa, rekord, o ulat na ginamit ng paaralan sa pagpapasiya sa pagmungkahi o pagtanggi sa pagkilos; pahayag na mayroon kang mga proteksyon sa ilalim ng mga pamamaraan ng pangangalaga ng IDEA; paliwanag kung paano makakakuha ng kopya ng Paunawa sa Pag-iingat sa Mga Pamamaraan; impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng mga indibidwal o samahan na makakatulong sa iyo na maunawaan ang IDEA; deskripsyon ng iba pang mapagpipilian na isinaalang-alang ng komite ng ARD ng iyong anak at ang mga dahilan kung bakit hindi pumasa ang mga napagpilian; at deskripsyon ng iba pang dahilan kung bakit iminumungkahi o tinatanggihan ng paaralan ang pagkilos na iyon.

Dapat na nakasulat ang paunawa sa wikang maiintindihan ng publiko at naisalin sa iyong katutubong wika o iba pang paraan ng pakikipag-ugnayan, maliban kung hindi ito posibleng gawin.

Kung ang iyong katutubong wika o iba pang paraan ng pakikipag-usap ay hindi nakasulat na wika, dapat na isalin ng paaralan ang paunawa nang pasalita o sa pamamagitan ng iba pang paraan sa iyong katutubong wika o iba pang paraan ng pakikipag-usap upang maunawaan mo ito. Ang paaralan ay dapat na may nakasulat na ebidensya na nagpapatunay na ginawa ito.

Kung, sa ano mang oras pagkatapos simulan ng paaralan ang pagbibigay ng espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo sa iyong anak ay , bawiin mo ang iyong pagpayag para sa mga serbisyo, dapat na ihinto ng paaralan ang pagbibigay ng espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo sa iyong anak. Gayunpaman, bago ihinto ang mga serbisyo, dapat na magbigay ang paaralan ng paunang nakasulat na paunawa sa loob ng di-bababa sa limang araw bago matapos ang mga serbisyo maliban kung sumang-ayon ka sa loob ng mas maikling balangkas ng panahon.

### Elektronikong Liham

Maaaring piliin ng magulang ng batang may kapansanan na tumanggap ng nakasulat na paunawa sa pamamagitan ng electronic mail (e-mail), kung may ganitong opsyon ang paaralan.

## Pahintulot ng Magulang

Kailangang kunin ng paaralan ang iyong may kabatirang pahintulot bago nito gawin ang ilang bagay. Ang iyong *may-kabatirang pahintulot* ay nangangahulugan na nabigyan ka ng lahat ng impormasyon na may kaugnayan sa pagkilos na nangangailangan ng iyong permiso sa iyong katutubong wika, o sa ibang pamamaraan ng pakikipag-ugnayan; nauunawaan mo at sumasang-ayon ka sa aktibidad na nangangailangan ng iyong permiso, at ang nakasulat na pahintulot ay naglalarawan ng aktibidad at nagtatala ng anumang rekord na ilalabas at para kanino; at nauunawaan mo na ang pagbibigay ng iyong pahintulot ay boluntaryo at maaaring bawiin anumang oras. Kung nais mong bawiin ang iyong pahintulot sa patuloy na pagbibigay ng espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo, kailangan mong ipaalam ito sa pamamagitan ng pagsulat. Kung magbibigay ka ng pahintulot at pagkatapos ay babawiin mo ito, hindi magiging retroaktibo ang iyong pagbawi.

Kailangang panatilihin ng paaralan ang dokumentasyon ng makatuwirang mga pagsisikap sa pagkuha ng pahintulot ng magulang. Kasama dapat sa dokumentasyon ang rekord ng mga pagtatangka ng paaralan na kunin ang pahintulot, gaya ng detalyadong mga rekord ng telepono, mga kopya ng mga pagliham at detalyadong mga rekord ng mga pagbisita sa inyong tahanan o lugar na pinagtatrabahuhan.

### Unang Pagsusuri

Bago isagawa ang unang pagsusuri sa iyong anak upang malaman kung kwalipikado ang iyong anak bilang batang may kapansanan sa ilalim ng IDEA, dapat kang bigyan ng paaralan ng kopya ng Paunawa sa Pag-iingat sa Mga Pamamaraan at paunang nakasulat na paunawa ng iminungkahing pagsusuri at kunin ang iyong may-kabatirang pahintulot. Kailangang gawin ng paaralan ang makatuwirang mga pagsisikap na makuha ang iyong pahintulot para sa unang pagsusuri. Ang iyong pahintulot sa unang pagsusuri ay hindi nangangahulugan na pinahintulutan mo na rin ang paaralan na simulan ang pagbibigay sa iyong anak ng mga serbisyo ng espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo. Kung ang iyong anak ay isang alaga ng estado at hindi naninirahan kasama mo, hindi inaatasan ang paaralan na kunin ang iyong pahintulot kung hindi ka nila mahanap o kung ang iyong mga karapatan bilang magulang ay tinapos o itinalaga sa iba alinsunod sa utos ng korte.

### Mga Unang Serbisyo

Dapat kunin ng iyong paaralan ang iyong may kabatirang pahintulot bago magbigay ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa iyong anak sa unang pagkakataon. Dapat gumawa ang paaralan ng makatuwirang pagsusumikap na kunin ang iyong may-kabatirang pahintulot bago magbigay ng espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo sa iyong anak sa

unang pagkakataon. Kung hindi ka tumugon sa kahilingan sa iyong pahintulot para makatanggap ang iyong anak ng espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo sa unang pagkakataon, o kung tumanggi kang ibigay ang nasabing pahintulot, o sa kalaunan ay bawiin (kanselahin) mo ang iyong pahintulot sa pamamagitan ng sulat, hindi maaaring gamitin ng paaralan ang mga pamamaraang pag-iingat (hal., pamamagitan, kaukalang proseso sa reklamo, pagpupulong para sa resolusyon, o kaukulang proseso sa walang kinikilingang pagdinig) upang makakuha ng pagsang-ayon o pagpapasiya na ang espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyong inirerekomenda ng komite ng ARD ng iyong anak niyo ay maaaring ibigay sa iyong anak nang wala ang iyong pahintulot.

Kapag tumanggi kang ibigay ang iyong pahintulot para makatanggap ang iyong anak ng espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo sa unang pagkakataon, o kung hindi ka tumugon sa kahilingang ibigay ang nasabing pahintulot o sa kalaunan ay bawiin (kanselahin) mo ang iyong pahintulot sa pamamagitan ng sulat at hindi ibinigay ng paaralan sa iyong anak ang espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo na hiningan nito ng pahintulot, hindi lumalabag ang iyong paaralan sa iniaatas dito na makakuha ng FAPE ang iyong anak dahil sa kabiguan nitong ibigay ang mga serbisyong iyon sa iyong anak; at hindi sila inaatasang magkaroon ng pagpupulong ng komite ng ARD o gumawa ng IEP para sa iyong anak para sa espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo na hinihilingan ng iyong pahintulot.

Kapag binawi (kinansela) mo ang iyong pahintulot sa pamamagitan ng sulat sa anumang panahaon matapos ibigay sa iyong anak ang espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo sa unang pagkakataon, hindi maaaring ipagpatuloy ng paaralan ang pagbibigay ng mga naturang serbisyo, pero dapat kang bigyan ng paunang nakasulat na abiso, ayon sa nakalarawan sa ilalim ng pamagat na Paunang Nakasulat na Abiso, bago ihinto ang mga serbisyong iyon..

## Muling Pagsusuri

Kailangang kunin ng paaralan ang iyong pahintulot na muling masuri ang iyong anak maliban kung maipakita na nagawa nila ang makatuwirang mga pagsisikap na kunin ang iyong pahintulot ngunit hindi ka tumugon.

*Pamamaraang Sumasaklaw*-Kung naka-enroll ang iyong anak sa pampublikong paaralan o gusto mong i-enroll ang iyong anak sa pampublikong paaralan at tumanggi kang magbigay ng pahintulot o hindi mo natugunan ang kahilingang magbigay ng pahintulot sa unang pagsusuri, ang iyong paaralan ay maaaring humiling, pero hindi inaatasan, na magsagawa ng unang pagsusuri sa iyong anak sa paggamit ng pamamagitan o kaukulang proseso sa reklamo, pagpupulong para sa resolusyon, at mga pamamaraan ng kaukulang proseso sa walang kinikilingang pagdinig ng IDEA. Hindi malalabag ng iyong paaralan ang mga obligasyon nitong tukuyin, kilalanin, at suriin ang iyong anak (obligasyon sa paghahanap sa bata) kung hindi nito itataguyod ang pagsusuri sa iyong anak sa mga kalagayang ito.

Kapag tumanggi kang pumayag sa muling pagsusuri sa iyong anak, maaaring itaguyod ng paaralan, pero hindi inaatas, ang muling pagsusuri sa iyong anak sa paggamit ng pamamagitan, kaukulang proseso sa reklamo, pagpupulong para sa resolusyon, at MGA pamamaraan ng kaukulang proseso sa walang kinikilingang pagdinig para hilinging pangunahan ang pagtanggi niyong pumayag sa muling pagsusuri sa inyong anak. Tulad ng mga paunang pagsusuri, hindi lumalabag ang inyong paaralan sa obligasyon nito sa ilalim ng IDEA kung tumanggi itong isulong ang muling pagsusuri sa paraang ito.

Kung ang magulang ng batang nagho-homeschool o ipinasok sa pribadong paaralan ng mga magulang sa sarili nilang gastos ay hindi nagbigay ng pahintulot sa unang pagsusuri o muling pagsusuri o nabigo ang magulang na tumugon sa kahilingang magbigay ng pahintulot, hindi maaaring gamitin ng paaralan ang mga pamamaraan ng IDEA sa pag-override ng pahintulot na nakalarawan sa itaas. Hindi rin inaatasan ang distrito ng paaralan na ituring ang anak mo bilang nararapat na makatanggap ng mga patas na serbisyo (mga serbisyong makukuha ng batang nay kapansanan na ipinasok ng kaniyang magulang sa pribadong paaralan).

Hindi kailangan ang iyong pahintulot bago suriin ng paaralan ang mga umiiral na datos bilang bahagi ng pagsusuri o muling pagsusuri sa iyong anak o bigyan ng pagsusulit ang iyong anak o iba pang pagsusuri na ibinibigay sa lahat ng bata maliban kung kinakailangan ang pahintulot ng magulang para sa lahat ng bata. Hindi maaaring gamitin ng paaralan ang iyong pagtanggi sa pagbibigay ng pahintulot sa isang serbisyo o aktibidad upang pagkaitan ka o ang iyong anak ng anumang iba pang serbisyo, benepisyo, o aktibidad.

## Malayang Pagsusuri sa Edukasyon

Ang malayang pagsusuri sa edukasyon **(independent educational evaluation, IEE)** ay isang pagsusuri na isinagawa ng kwalipikadong tao na hindi nagtatrabaho sa paaralan. May karapatan kang kumuha ng IEE ng iyong anak kung hindi ka sumasang-ayon sa pagsusuri sa iyong anak na nakuha ng iyong paaralan. Kapag humiling ka ng IEE, dapat kang bigyan ng paaralan ng impormasyon

tungkol sa pamantayan sa pagsusuri nito at kung saan makakakuha ng IEE.

### IEE na Gagastusan ng Publiko

Kung hindi ka sumasang-ayon sa pagsusuri na ibinigay ng paaralan, mayroon kang karapatang humiling na suriin ang iyong anak, na gagastusan ng publiko (public expense), ng isang tao na hindi nagtatrabaho sa paaralan.

Ang ibig sabihin ng *public expense* ay babayaran ng paaralan ang lahat ng gastos sa pagsusuri o sisiguruhin na ang pagsusuri ay isasagawa nang walang sisingilin sa iyo.

Kung humiling ka ng IEE ng iyong anak na gagastusan ng publiko, ang iyong paaralan ay dapat, nang walang di-kinakailangang pagkaantala, gawin ang **alinman** sa: (a) Maghain ng kaukulang proseso sa reklamo para humiling ng pagdinig upang maipakita na ang pagsusuri nito sa iyong anak ay naaangkop; o (b) Magbigay ng IEE sa na gagastusan ng publiko, maliban kung ipinakita ng paaralan sa isang pagdinig na ang nakuha mong pagsusuri sa iyong anak ay hindi nakakatugon sa pamantayan ng paaralan.

Mayroon ka lamang karapatan sa isang IEE na gagastusan ng publiko sa tuwing nagsasagawa ang paaralan ng pagsusuri na hindi mo sinang-ayunan.

Kung humiling ka ng IEE ng iyong anak, maaari kang tanungin ng paaralan kung bakit ka tumututol sa pagsusuri ng iyong anak na nakuha ng iyong paaralan. Gayunpaman, hindi maaaring iatas ng iyong paaralan ang isang paliwanag at hindi rin nito maaaring ipagpaliban nang walang katuwiran ang alinman sa pagbibigay ng IEE ng iyong anak na gagastusan ng publiko o pagsasampa ng kauklang proseso sa reklamo para humiling ng kaukulang proseso sa pagdinig upang ipagtanggol ang pagsusuri ng paaralan sa iyong anak.

### Pamantayan ng IEE

Kung ang IEE ay gagastusan ng publiko, ang pamatayan kung saan nakuha ang pagsusuri, kasama na ang lokasyon ng pagsusuri at kuwalipikasyon ng tagasuri (examiner), ay dapat na katulad ng pamantayang ginagamit ng paaralan sa pagsimula nito ng pagsusuri (hangga't ang mga pamantayang iyon ay katugma ng iyong karapatan para sa isang IEE). Maliban sa mga pamantayang naisalarawan sa itaas, hindi maaaring magpataw ang paaralan ng mga kondisyon o balangkas ng panahon na may kaugnayan sa pagkuha ng IEE na gagastusan ng publiko.

### Pagpapasya ng Opisyal sa Pagdinig

Kung nagsampa ng kaukulang proseso sa reklamo ang paaralan para humiling ng kaukulang proseso sa pagdinig at pagpasyahan ng opisyal sa pagdinig na ang pagsusuri ng paaralan ay naaangkop o ang nakuha mong IEE ay hindi nakakatugon sa pamantayan sa IEE ng paaralan, hindi kailangang bayaran ng paaralan ang IEE.

### IEE na Gagastusan ng Magulang o Tagapangalaga (Private Expense)

Lagi kang may karapatang kumuha ng IEE na ikaw mismo ang magbabayad. Kahit sino pa man ang magbayad para dito, kailangang isaalang-alang ng paaralan ang IEE sa anumang desisyon ukol sa pagbibigay ng FAPE sa iyong anak kung ang IEE ay nakakatugon sa pamantayan ng paaralan. Maaari mo ring iharap ang IEE bilang ebidensya sa kaukulang proseso sa pagdinig.

### IEE na Ipinag-utos ng opisyal sa Pagdinig

Kung ipag-utos ng opisyal sa pagdinig ang IEE bilang bahagi ng kaukulang proseso sa pagdinig, kailangan itong bayaran ng paaralan.

## Mga Pamamaraan Kapag Dinidisiplina ang mga Batang May Kapansanan

### Awtoridad ng Tauhan ng Paaralan

#### Pinagpapasiyahan ayon sa Kalagayan

Maaaring isaalang-alang ng tauhan ng paaralan ang anumang kakaibang sirkumstansiya kapag pinagpapasiyahan kung ang pagbabago ng pagtatakda, na ginawa ayon sa sumusunod na mga inaatas na kaugnay ng disiplina, ay naaangkop sa batang may kapansanan na lumalabag sa kodigo ng paaralan sa asal ng mag-aaral.

#### Pangkalahatan

Hangga't isasagawa din nila ang naturang pagkilos para sa mga batang walang kapansanan, maaaring gawin ng mga tauhan ng paaralan ang, sa loob ng di-hihigit sa 10 magkakasunod na araw ng pagpasok, pag-alis ng batang may kapansanan na lumalabag sa kodigo ng asal ng mag-aaral mula sa kasalukuyang pagkakatakda sa kaniya patungo sa naaangkop na kaayusan ng pansamantalang alternatibong edukasyon (interim alternative educational setting, IAES), iba pang kaayusan, o suspensyon. Ang mga tauhan ng paaralan ay maaari ring magpataw ng

karagdagang pag-aalis sa bata nang di-hihigit sa 10 magkakasunod na araw ng pagpasok sa parehong taon ng pag-aaral para sa magkakahiwalay na insidente ng maling paggawi, hangga't ang mga pag-aalis na iyon ay hindi maituturing na pagbabago ng pagkakatakda (tingnan ang heading na Pagbabago ng Pagkakatakda Dahil sa Pandisiplinang Pag-aalis para sa kahulugan). Kapag inalis ang batang may kapansanan mula sa kasalukuyang pagkakalagaay sa kaniya sa kabuuan ng 10 araw ng paaralan sa parehong taon ng paaralan, ang paaralan ay, sa anumang mga kasunod na araw ng pagtanggal sa taon ng pag-aaral na iyon, dapat na magbigay ng mga serbisyo hanggang sa iniaatas sa ibaba sa ilalim ng sub-heading na Mga Serbisyo.

### Karagdagang Awtoridad

Kung ang pag-uugali na lumabag sa kodigo ng paggawi ng mag-aaral ay hindi nagpapakita ng kapansanan ng bata, at ang pandisiplinang pagbabago sa probisyon ay lalampas ng 10 araw na magkasunod, maaaring ilapat ng mga tauhan ng paaralan ang mga pamamaraan ng pagdidisiplina sa batang may kapansanan sa parehong pamamaraan at para sa parehong tagal ng panahon kung paano nila ito ilalapat sa mga batang walang kapansanan, maliban sa ang paaralan ay dapat magbigay ng mga serbisyo sa batang iyon ayon sa nakalarawan sa ibaba sa ilalim ng Mga Serbisyo. Pagpapasiyahan ng komite ng ARD ng bata ang IAES para sa mga naturang serbisyo.

### Mga Serbisyo

Ang distrito ng paaralan ay hindi nagbibigay ng mga serbisyo sa batang may kapansanan o batang walang kapansanan na tinanggal mula sa kanyang kasalukuyang probisyon sa loob ng 10 araw ng pag-aaral o mas maikli sa taon ng pag-aaral na iyon.

Ang batang may kapansanan na inalis sa kasalukuyang probisyon para sa kaniya sa loob ng mahigit 10 araw ng pasok sa paaaralan at ang pag-uugali ay hindi nagpapakita ng kapansanan ng bata o inalis sa ilalim ng natatanging kalagayan at dapat na:

- Patuloy na makatanggap ng mga serbisyong pang-edukasyon (magagamit ang FAPE), upang upang patuloy na makalahok ang bata sa kurikulum ng pangkalahatang edukasyon, bagaman iba ang kaayusan, (iyon ay maaaring IAES), at para sumulong tungo sa pag-abot sa mga layuning itinakda sa IEP ng bata; at
- Makatanggap, kung naaangkop, ng functional behavioral assessment (prosesong tumutukoy sa espesipiko o target na pag-uugali na nakakasagabal sa pag-aaral ng estudyante), at mga serbisyo ng interbensyon at modipikasyon sa pag-uugali, na dinisenyo upang matugunan ang lumalabag na pag-uugali nang hindi na ito maulit..

Matapos alisin ang batang may kapansanan mula sa kasalukuyang probisyon para sa kaniya sa loob ng 10 araw ng pasok sa paaralan sa parehong taon ng pag-aaral, at kung ang kasalukuyang pagtanggal ay para sa 10 magkakasunod na araw ng pasok sa paaralan o mas maikli at kung ang pagtanggal ay hindi pagbabago ng probisyon (tingnan ang kahulugan sa ibaba), pagpapasiyahan ng mga tauhan ng paaralan, sa pagkonsulta sa isa man lang sa mga guro ng bata, kung hanggang saan kakailanganin ang mga serbisyo upang patuloy na makalahok ang bata sa kurikulum ng pangkalahatang edukasyon, bagaman iba ang kaayusan, at para sumulong tungo sa pag-abot sa mga layuning itinakda sa IEP ng bata.

Kung ang pagtanggal ay isang pagbabago ng probisyon, pagpapasiyahan ng komite ng ARD ng bata ang naaangkop na mga serbisyo upang patuloy na makalahok ang bata sa kurikulum ng pangkalahatang edukasyon, bagaman iba ang kaayusan (na maaaring IAES), at para sumulong tungo sa pag-abot sa mga layuning itinakda sa IEP ng bata.

### Pagtukoy sa Palatandaan

Sa loob ng 10 araw ng pasok sa paaralan matapos ang anumang desisyon na baguhin ang probisyon para sa batang may kapansanan dahil sa paglabag sa kodigo ng paggawi ng mag-aaral (maliban sa pagtatanggal na para sa 10 magkakasunod na araw ng pasok sa paaralan o mas maikli at hindi pagbabago ng probisyon), ang paaralan, ikaw, at ang kaugnay na mga miyembro ng komite ng ARD (gaya ng pinagpasiyahan mo at ng paaralan) ay dapat suriin ang lahat ng nauugnay na impormasyon sa file ng mag-aaral, kabilang ang IEP ng bata, anumang obserbasyon ng guro, at anumang nauugnay na impormasyon na ibinigay mo para malaman:

- Kung ang paggawing pinag-uusapan ay sanhi ng, o may direkta at malaking kaugnayan sa, kapansanan ng bata; o
- Kung ang paggawing pinag-uusapan ay direktang resulta ng pagkabigo ng paaralan na ipatupad ang IEP ng bata.

Kung ang paaralan, ikaw, at ang kaugnay na mga miyembro ng komite ng ARD ay nagpasiya na natugunan ang alinman sa mga kondisyon na iyon, ang paggawi ay dapat na tukuyin bilang palatandaan ng kapansanan ng bata.

Kung ang paaralan, ikaw, at kaugnay na mga miyembro ng komite ng ARD ng bata ay nagpasiya na ang paggawing pinag-uusapan ay direktang resulta ng

pagkabigo ng paaralan na ipatupad ang IEP, dapat na gumawa ng agarang aksyon ang paaralan upang malunasan ang mga kakulangan.

## Pagtukoy at Pagpapasiya na ang Pag-uugali ay Palatandaan ng Kapansanan ng Bata

Kung ang paaralan, ikaw, at kaugnay na mga miyembro ng komite ng ARD ay nagpasiya na ang paggawi ay palatandaan ng kapansanan ng bata, ang komite ng ARD ay dapat:

- Magsagawa ng functional behavioral assessment, maliban kung isinagawa na ng paaralan ang pagsusuring ito bago nangyari ang pag-uugaling nagdulot ng pagbabago sa probisyon, at magpatupad ng plano ng interbensyon sa pag-uugali para sa bata; o
- Kung may nabuo nang plano ng interbensyon sa pag-uugali, suriin ang plano ng interbensyon sa pag-uugali, at baguhin ito, kung kinakailangan, upang matugunan ang pag-uugali.

Maliban sa inilarawan sa ibaba sa ilalim ng seksyon na Mga Espesyal na Kalagayan, dapat ibalik ng paaralan ang iyong anak sa probisyon kung saan inalis ang iyong anak, maliban kung ikaw at ang distrito ay sumang-ayon sa pagbabago ng probisyon bilang bahagi ng modipikasyon sa plano ng interbensyon sa pag-uugali.

## Mga Espesyal na Kalagayan

Ang pag-uugali man ay palatandaan o hindi palatandaan ng kapansanan ng iyong anak, maaaring alisin ng mga tauhan ng paaralan ang mag-aaral sa IAES (pinagpasiyahan ng komite ng ARD ng bata) nang hindi hihigit sa 45 araw ng pasok sa paaralan, kung ang iyong anak ay:

- Nagdadala ng sandata (tingnan ang kahulugan sa ibaba) sa paaralan o may sandata sa paaralan, sa mga lugar ng paaralan, o sa aktibidad sa paaralan sa ilalim ng hurisdiksyon ng TEA o ng paaralan;
- May kabatirang nagtataglay ng o gumagamit ng mga bawal na gamot (tingnan ang kahulugan sa ibaba), o nagbebenta o hinihingi ang pinagbentahan ng kinokontrol na substansya, (tingnan ang kahulugan sa ibaba), habang nasa paaralan, sa mga lugar ng paaralan, o sa aktibidad sa paaralan sa ilalim ng hurisdiksyon ng TEA o ng paaralan; o
- Nagdulot ng malubhang pinsala sa katawan (tingnan ang kahulugan sa ibaba) ng ibang tao habang nasa paaralan, sa mga lugar ng paaralan, o sa aktibidad sa paaralan sa ilalim ng hurisdiksyon ng TEA o ng paaralan.

## Mga Kahulugan

**Ang kontroladong substansya** ay nangangahulugang isang droga o ibang substansya na tinukoy sa ilalim ng mga iskedyul I, II, III, IV, o V sa Seksyon 202(c) ng Batas ukol sa Mga Kontroladong Substansya(21 U.S.C. 812(c)).

**Ang bawal na gamot** ay nangangahulugang kontroladong substansya, pero hindi kasama ang kontroladong substansya na legal na pag-aari o nasa ilalim ng pagsubaybay ng lisenyadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan o na legal na pag-aari o ginagamit sa ilalim ng anumang iba pang awtoridad sa ilalim ng Batas na iyon o sa ilalim ng anumang iba pang probisyon ng pederal na batas.

**Ang Malalang pinsala sa katawan** ay may kahulugang ibinigay sa terminong *malalang pinsala sa katawan* sa ilalim ng talata (3) ng subsection (h) ng Section 1365 ng Title 18, United States Code.

**Ang sandata** ay may kahulugang ibinigay sa terminong *mapanganib na sandata* sa ilalim ng talata (2) ng unang subsection (g) ng Section 930 ng Title 18, United States Code.

## Notipikasyon

Sa petsa kung kailan pinagdesisyunan ang pagtanggal na isang pagbabago ng probisyon para sa iyong anak dahil sa paglabag sa kodigo ng paggawi ng mag-aaral, dapat kang abisuhan ng distrito ng paaralan tungkol sa desisyong iyon, at bigyan ka ng abiso sa pamamaraang pag-iingat.

## Pagbabago ng Probisyon Dahil sa Mga Pandisiplinang Pagtanggal

Ang pagtanggal sa iyong anak na may kapansanan mula sa kasalukuyang pang-edukasyong probisyon para sa bata ay isang pagbabago ng probisyon kung:

- Ang pagtanggal ay mahigit sa 10 magkakasunod na araw ng pasok sa paaralan; o
- Ang anak mo ay sumailalim sa serye ng mga pagtanggal na bubuo ng isang padron dahil:
    - Ang serye ng mga pagtanggal ay may kabuuan na mahigit sa 10 araw ng pasok sa paaralan sa taon ng pag-aaral;
    - Ang pag-uugali ng iyong anak ay may malaking pagkakatulad sa pag-uugali ng bata sa nakalipas na mga insidente na naging sanhi ng serye ng mga pagtanggal; at
    - Sa naturang karagdagang salik tulad ng haba ng bawat pagtanggal, ang kabuuang dami ng oras ng pagkatanggal sa iyong anak, at ang pagitan ng mga pagtanggal sa isa't isa.

Ang paulit-ulit na pagtatanggal man na nagdudulot ng pagbabago sa probisyon ay pinagpasiyahan ng paaralan batay sa iba't ibang kalagayan at, kung pag-aalinlanganan, ito ay sasailalim sa pagsusuri sa pamamagitan ng kaukulang proseso at hudisyal na paglilitis.

## Pagpapasiya sa Kaayusan

Pagpapasiyahan ng komite ng ARD ang IAES para sa mga pagtanggal na mga pagbabago sa probisyon, at mga pagtanggal sa mga seksyon ng Karagdagang Awtoridad at Mga Espesyal na Kalagayan.

## Apela

### Pangkalahatan

Maaari kang magsampa ng kaukulang proseso sa reklamo para humiling ng kaukulang proseso sa pagdinig kung hindi ka sang-ayon sa:

- Anumang desisyon tungkol sa probisyong ginawa sa ilalim ng mga probisyon ng disiplinang ito; o
- Ang pagtukoy sa palatandaan na inilarawan sa itaas.

Maaaring magsampa ang paaralan ng kaukulang proseso sa reklamo para humiling ng kaukulang proseso sa pagdinig kung naniniwala ito na ang pagpapanatili ng kasalukuyang probisyon para sa iyong anak ay malamang na magdulot ng pinsala sa iyong anak sa ibang tao.

### Awtoridad ng Opisyal sa Pagdinig

Ang opisyal sa pagdinig na nakatutugon sa mga iniaatas na nakalarawan sa seksyon ng Mga Pamamaraan sa Kaukulang Proseso sa ibaba ay dapat gawin ang kaukulang proseso sa pagdinig at magdesisyon. Ang opisyal sa pagdinig ay maaaring:

- Ibalik ang iyong anak na may kapansanan sa probisyon kung saan tinanggal ang iyong anak kung napagpasiyahan ng opisyal sa pagdinig na ang pagtanggal ay isang paglabag sa mga iniaatas na inilarawan sa ilalim ng heading na Awtoridad ng Mga Tauhan ng Paaralan, o ang pag-uugali ng iyong anak ay palatandaan ng kapansanan ng iyong anak; o
- Iutos ang pagbabago ng probisyon para sa iyong anak na may kapansanan tungo sa naaangkop na IAES nang hindi hihigit sa 45 araw ng pasok sa paaralan kung napagpasiyahan ng opisyal sa pagdinig na ang pagpapanatili ng kasalukuyang probisyon para sa iyong anak ay malamang na magdudulot ng pinsala sa iyong anak o sa iba pa.

Ang mga pamamaraan sa pagdinig na ito ay maaaring ulitin, kung naniniwala ang paaralan na ang pagbabalik sa anak mo sa orihinal na probisyon para sa kaniya ay malamang na magdudulot ng pinsala sa iyong anak o sa iba pa.

Sa tuwing ikaw o ang paaralan ay nagsasampa ng kaukulang proseso sa reklamo para humiling ng nasabing pagdinig, dapat magsagawa ng pagdinig na nakatutugon sa mga iniaatas na nakalarawan sa seksyon ng Mga Pamamaraan sa Kaukulang Proseso, maliban sa mga sumusunod:

- Dapat mag-ayos ang TEA o paaralan ng pinabilis na kaukulang proseso sa pagdinig, na dapat maganap sa loob ng 20 araw ng paskok sa paaralan mula sa petsa kung kailan hiniling ang pagdinig at dapat magresulta ng pagpapasiya sa loob ng 10 araw ng pasok sa paaralan makalipas ang pagdinig.
- Maliban kung ikaw at ang paaralan ay sumasang-ayon sa pamamagitan ng sulat na ipaubaya ang pagpupulong, o sumang-ayong gumamit ng pamamagitan, isang pagpupulong para sa resolusyon ang dapat maganap sa loob ng pitong araw ng kalendaryo matapos matanggap ang abiso ng kaukulang proseso sa reklamo. Maaring magpatuloy ang pagdinig maliban kung ang usapin ay nalutas at sinang-ayunan ng dalawang partido sa loob ng 15 araw ng kalendaryo matapos matanggap ang kaukulang proseso sa reklamo.
- Ang estado ay maaaring magtaguyod ng iba't ibang mga patakaran sa pamamaraan para sa pinabilis na kaukulang proseso sa pagdinig kaysa sa itinatag nito para sa iba pang mga kaukulang proseso sa pagdinig, ngunit maliban sa mga balangkas ng panahon, ang mga panuntunang iyon ay dapat na naaayon sa mga patakaran sa dokumentong ito hinggil sa kaukulang proseso ng pagdinig.

Ikaw o ang paaralan ay maaaring mag-apela sa desisyon ng pinabilis na kaukulang proseso ng pagdinig sa parehong pamamaraan tulad ng mga desisyon sa iba pang kaukulang proseso ng pagdinig, gaya ng inilarawan sa seksyon ng Mga Aksyon Pangsibil, sa ibaba.

### Probisyon sa Panahon ng mga Pag-apela

Kapag, tulad ng inilarawan sa itaas, ikaw o ang paaralan ay nagsampa ng kaukulang proseso sa reklamo na nauugnay sa mga usapin sa disiplina, ang iyong anak ay dapat (maliban kung ikaw at ang TEA o ang paaralan ay nagkasundo) manatili sa IAES habang hinihintay ang desisyon ng opisyal sa pagdinig, o hanggang sa pagtatapos ng yugto ng panahon ng pagtanggal tulad ng inilaan at inilarawan sa ilalim ng heading na Awtoridad ng Tauhan ng Paaralan, alinman ang unang mangyari.

## Mga Proteksiyon para sa Mga Batang Hindi Pa Kuwalipikado para sa Espesyal na Edukasyon at Kaugnay na mga Serbisyo

### Pangkalahatan

Kung ang anak mo ay hindi pa napagpapasiyahan na kuwalipikado para sa espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo at lumabag sa kodigo ng paggawi ng mag-aaral, pero alam (gaya ng tinutukoy sa ibaba) na ng paaralan na ang iyong anak ay isang batang may kapansanan bago nangyari ang pag-uugaling nagdulot ng pandisiplinang pagkilos, maaaring igiit ng iyong anak ang anuman sa mga proteksiyong nakalarawan sa abisong ito.

### Batayan ng Kaalaman para sa Mga Pandisiplinang Usapin

Ang paaralan ay ituturing na may kaalaman na ang iyong anak ay isang batang may kapansanan kung, bago nangyari ang pag-uugali na nagdulot ng pandisiplinang pagkilos ay:

- Pinahiwatig mo sa pamamagitan ng pagsulat sa tagasubaybay o administratibong tauhan ng angkop na ahensya ng edukasyon, o sa guro ng anak mo na ang iyong anak ay nangangailangan ng espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo;
- Humiling ka ng pagsusuri kaugnay ng kuwalipikasyon para sa espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA; o
- Ang guro ng anak mo o ibang tauhan ng paaralan ay nagpahiwatig ng mga partikular na alalahanin tungkol sa paulit-ulit na pag-uugali na direktang ipinakita ng anak mo sa direktor ng paaralan sa espesyal na edukasyon o sa iba pang tagsubaybay na tauhan ng paaralan.

*Eksepsyon* – Ang paaralan ay hindi maituturing na may naturang kaalaman kung:

- Hindi mo pinayagan ang pagsusuri sa iyong anak o tinanggihan mo ang mga serbisyo ng espesyal na edukasyon; o
- Ang anak mo ay nasuri at napagpasiyahan na siya ay isang batang walang kapansanan sa ilalim ng Bahgi B ng IDEA.
- 

### Mga Kondisyon na Mailalapat kung Walang Batayan ng Kaalaman

Kung bago magsagawa ng mga pandisiplinang pamamaraan laban sa anak mo, ay walang kaalaman ang paaralan na ang iyong anak ay isang batang may kapansanan gaya ng nakalarawan sa itaas sa Batayan ng Kaalaman para sa Mga Pandisiplinang Usapin at Eksepsyon, ang anak mo ay maaaring sumailalim sa mga pandisiplinang pamamaraan na inilalapat sa mga batang walang kapansanan na gumawa rin ng maihahambing na asal. Subalit, kung may ginawang kahilingan para sa pagsusuri sa iyong anak habang siya ay sumasailalim sa pagdidisiplina, ang pagsusuri ay dapat ipatupad sa pinabilis na paraan. Hangga't hindi natatapos ang pagsusuri, mananatili ang iyong anak sa pang-edukasyong probisyon na pinagpasiyahan ng mga awtoridad sa paaralan, na maaaring kabilangan ng pagsuspinde o pagpapatatalsik ng walang serbisyong pang-edukasyon. Kung ang anak mo ay natukoy bilang isang batang may kapansanan, sa pagsasaalang-alang ng impormasyon mula sa pagsusuring isinagawa ng paaralan at impormasyong inilaan mo, dapat magbigay ang paaralan ng espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo alinsunod sa Bahagi B ng IDEA, kasama ang mga pandisiplinang iniaatas na nakalarawan sa itaas.

### Pagsangguni sa at Pagkilos ng Mga Tagapagpatupad ng Batas at Mga Awtoridad ng Hukuman

Ang Bahagi B ng IDEA ay hindi:

- Pinagbabawalan ang ahensya na isumbong ang mga krimen na ginawa ng isang batang may kapansanan sa naaangkop na mga awtoridad; o
- Hinahadlangan ang mga tagapagpatupad ng batas o pulis at mga awtoridad ng hukuman ng Texas sa pagsasagawa nila ng kanilang mga respnsibilidad na may kinalaman sa pagpapatupad ng mga pederal at pang-estadong batas sa mga krimen na ginawa ng isang batang may kapansanan.

### Pagpapadala ng Mga Rekord

Kung mag-uulat ang paaralan ng krimeng ginawa ng batang may kapansanan, ang paaralan ay:

- Kailangang siguruhin na ang mga kopya ng mga rekord ng espesyal na edukasyon at rekord ng pagdisiplina ng bata ay ipapadala para maisaalang-alang ng mga awtoridad na pinagsumbungan ng ahensiya ng krimen; at
- Maaaring magpadala ng mga kopya ng mga rekord ng espesyal na edukasyon at rekord ng pagdisiplina hanggang sa ipinapahintulot lamang ng Batas ukol sa Pribasya at Karapatang Pang-edukasyon ng Pamilya (Family Educational Rights and Privacy Act, **FERPA**).

## Pagiging Kumpidensiyal ng Impormasyon

Tulad ng paggamit sa seksyong ito:

***Ang Pagsira* ay** nangangahulugang pisikal na pagsira o pagtanggal ng mga personal na tagatukoy mula sa impormasyon para hindi na personal na makikilala ang impormasyon.

**Ang mga rekord ng edukasyon ay** nangangahulugang uri ng mga rekord na sinasaklaw sa ilalim ng kahulugan ng *mga rekord ng edukasyon* ayon sa paglalarawan sa 34 CFR Part 99 (ang mga regulasyong nagpapatupad ng Family Educational Rights and Privacy Act (FERPA) ng 1974, 20 U.S.C. 1232g).

***Ang lumalahok na ahensiya*** ay nangangahulugang anumang distrito ng paaralan, ahensya, o institusyon na kumokolekta, nagpapanatili o gumagamit ng personal na makikilang impormasyon, o kung saan nakuha ang impormasyon, sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA.

**Kasama s*a Personal na makikilalang impormasyon*** ang: pangalan ng iyong anak, pangalan mo bilang magulang, o pangalan ng iba pang kapamilya; address ng anak mo; personal na tagatukoy tulad ng Social Security number ng iyong anak; o listahan ng mga personal na katangian o iba pang impormasyon na nagpapangyaring maging posible na makilala ang anak mo nang may makatwirang katiyakan.

Mayroon kang karapatang repasuhin ang buong rekord ng edukasyon ng iyong anak kasama ang mga bahaging may kinalalaman sa espesyal na edukasyon. Maaaring ipagpalagay ng paaralan na may awtoridad kang siyasatin at suriin ang mga rekord na may kaugnayan sa iyong anak maliban kung inabiso sa iyo na wala kang awtoridad sa ilalim ng nailalapat na batas ng estado na namamahala sa mga bagay gaya ng pangangalaga, paghihiwalay, at diborsyo. Maaari ka ring magbigay ng permiso sa iba para repasuhin ang rekord ng iyong anak. Kapag hiniling mong repasuhin ang mga rekord, dapat itong ibigay ng paaralan nang walang di-kinakailangang pagkaantala at bago pa magpulong tungkol sa IEP ng iyong anak, bago ang anumang kaukulang proseso sa pagdinig o sesyon para sa resolusyon, at sa anumang kalagayan ay hindi dapat hihigit ng 45 araw ng kalendaryo pagkatapos ng petsa ng paghiling

## Paglilinaw, Mga Kopya, at Mga Bayarin

Kung magtatanong ka, kailangang ipaliwanag at isalin ng paaralan ang mga rekord, kung ito ay makatuwiran. Kailangang kang gawan ng mga kopya ng paaralan kung iyon lang ang paraan para masuri at marepaso mo ang mga rekord. Hindi pwedeng maningil ang paaralan para sa kanilang paghanap o pagkuha ng mga rekord ng edukasyon ng iyong anak. Gayunpaman, maaari silang maningil para sa pagkopya kung ang sisingilin ay hindi makakahadlang sa iyong pagsusuri at pagrerepaso ng mga rekord.

**Impormasyon sa Mahigit sa Isang Bata**

Kung kasama sa anumang rekord ng edukasyon ang impormasyon sa mahigit sa isang bata, mayroon ka lang karapatang siyasatin at repasuhin ang mga impormasyon tungkol sa iyong anak, o masabihan tungkol sa mga partikular na impormasyong iyon.

Mayroon kang karapatang humiling at makakuha ng listahan ng mga uri at kinaroroonan ng mga rekord ng edukasyon na tinipon, pinanatili, o ginamit ng paaralan.

## Pahintulot para sa Pagsisiwalat ng Personal na Makikilalang Impormasyon

Maliban kung ang impormasyon ay tinataglay ng mga rekord ng edukasyon, at ang pagsisiwalat ay awtorisado nang walang pahintulot ng magulang sa ilalim ng FERPA, dapat na kunin ang iyong pahintulot bago isiwalat ang personal na makikilalang impormasyon sa mga partido maliban sa mga opisyal ng kalahok na mga ahensya. Hindi kinakailangan ang iyong pahintulot bago ilabas ang personal na makikilalang impormasyon sa mga opisyal ng kalahok na mga ahensya para sa mga layunin ng pagtugon sa iniaatas ng Bahagi B ng IDEA

Ang iyong pahintulot, o ang pahintulot ng karapat-dapat na bata na nakaabot na sa hustong gulang sa ilalim ng batas ng estado, ay dapat na kunin bago isiwalat ang mga personal na makikilalang impormasyon sa mga opisyal ng kalahok na mga ahensya na nagbibigay o nagbabayad para sa mga serbisyo sa paglilipat.

Kung naka-enroll ang iyong anak, o siya ay may planong mag-enroll sa pribadong paaralan na ang lokasyon ay hindi sa parehong distrito ng paaralan kung saan ka nakatira, dapat na kunin ang iyong pahintulot bago isiwalat ang mga personal na makikilalang impormasyon tungkol sa iyong anak sa mga opisyal sa distrito ng paaralan kung saan naroon ang pribadong paaralan at mga opisyal sa distrito ng paarala kung saan ka nakatira.

Dapat na irekord ng paaralan ang lahat ng indibidwal (maliban sa iyo at sa mga awtorisadong opisyal ng paaralan) na nagrepaso sa rekord ng espesyal na edukasyon ng iyong anak, maliban kung pinahintulutan mo ang pagsisiwalat. Kailangang maglaman ang log na

ito ng pangalan ng tao, petsa kung kailan ibingay ang access, at layunin kung bakit siya nabigyan ng permisong gamitin ang mga rekord.

Kailangang akuin ng isang opisyal sa paaralan ang responsibilidad sa pagtitiyak ng pagkapribado ng anumang personal na makikilalang impormasyon. Ang lahat ng taong nagtitipon o gumagamit ng mga personal na makikilalang impormasyon ay dapat na sumailalim sa pagsasanay o pagtuturo ukol sa mga patakaran at pamamaraan ng estado may kinalaman sa pagkapribado sa ilalim ng IDEA at FERPA. Ang bawat paaralan ay dapat na magpanatili, para sa pampublikong inspeksyon, ng kasalukuyang listahan ng mga pangalan at tungkulin ng mga empleyado sa loob ng paaralan na maaaring may access sa mga personal na makikilalang impormasyon.

### Pag-amyenda sa mga Rekord

Kung naniniwala ka na ang rekord ng edukasyon ng iyong anak ay hindi wasto, nakakalinlang, o lumalabag sa mga karapatan ng iyong anak, maaari mong hilingin sa paaralan na amyendahan ang mga impormasyon. Sa loob ng makatuwirang panahon, kailangang pagpasiyahan ng paaralan kung aamyendahan ang impormasyon. Kung tumanggi ang paaralan na amyendahan ang impormasyon kagaya ng hinihiling, kailangan ka nilang abisuhan tungkol sa kanilang pagtanggi at sa iyong karapatan para sa pagdinig upang hamunin ang impormasyon sa mga rekord.. Ang uri ng pagdinig na ito ay isang lokal na pagdinig sa ilalim ng FERPA at hindi ito isang kaukulang proseso sa pagdinig ng IDEA na ginaganap sa harap ng opisyal sa pagdinig na walang kinikilingan.

Kung, bilang resulta ng pagdinig, ay magpasiya ang paaralan na ang impormasyon ay hindi wasto, nakakalinlang, o kaya'y lumalabag sa pagkapribado o ibang karapatan ng iyong anak, kailangan nitong palitan ang impormasyon at abisuhan ka sa pamamagitan ng sulat. Kung, bilang resulta ng pagdinig, ay magpasiya ang paaralan na ang impormasyon ay wasto, hindi nakakalinlang, o hindi lumalabag sa pagkapribado o ibang karapatan ng iyong anak, kailangan kang abisuhan tungkol sa iyong karapatang maglabas ng pahayag na nagkokomento sa impormasyon sa mga rekord ng iyong anak hangga't ang rekord o bahaging pinagtatalunan ay pinamamahalaan ng paaralan.

Kung babawiin mo sa pamamagitan ng sulat ang iyong pahintulot para sa pagtanggap ng iyong anak ng espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo pagkatapos na maumpisahang ibigay ng paaralan ang mga serbisyong ito sa iong anak, hindi iniaatas sa paaralan na amyendahan ang mga rekord ng edukasyon ng iyong anak para matanggal ang anumang pagtukoy sa pagtanggap ng iyong anak ng espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo. Gayunpaman, karapatan mo pa ring hingin sa paaralan na amyendahan ang rekord ng iyong anak kung naniniwala ka na ang rekord ay hindi wasto, nakakalinlang, o lumalabag sa mga karapatan ng iyong anak.

### Pag-iingat at Pagwasak

Kailangang protektahan ng paaralan ang pagkapribado ng mga rekord ng iyong anak sa mga yugto ng pagtitipon, pagtatago, pagsisiwalat, at pagwasak. Tinutukoy ng mga rekord ng edukasyon ang mga uri ng rekord na sinasaklaw sa kahulugan ng mga rekord ng edukasyon sa 34 CFR Bahagi 99. Ang *pagwasak* ay tumutukoy sa pisikal na pagwasak o pagtanggal ng mga personal na kumikilalang impormasyon upang hindi na personal na makikilala ang impormasyon. Kailangan kang abisuhan ng paaralan kapag ang impormasyon sa rekord ng iyong anak ay hindi na kakailanganin sa pagbibigay ng serbisyong pang-edukasyon sa iyong anak. Dapat sirain ang mga impormasyon sa iyong kahilingan maliban sa pangalan, tirahan, telepono, mga marka, rekord ng pagpasok, mga klase na pinasukan, natapos na baitang, at taon ng pagtatapos.

### Paunawa sa Mga Magulang

Magbibigay ang TEA ng angkop at sapat na paunawa para lubos na mabigyan ng kabatiran ang mga magulang tungkol sa pagkapribado ng personal na makikilalang impormasyon, kasama na ang paglalarawan ng sakop ng paunawa na ibinigay sa mga katutubong wika ng ibat-ibang grupo ng populasyon sa estado; paglalarawan sa mga bata kung saan ang mga personl na makikilalang impormasyon ay pinananatili, mga uri ng impormasyon na hinahanap, mga pamamaraan na gagamitin upang matipon ang mga impormasyon, kasama ang mga pinanggalingan ng mga impormasyon, at ang mga paggagamitan ng mga impormasyon; buod ng mga patakaran at pamamaraan na sinusunod ng kalahok na mga ahensya ukol sa pagiimbak, pagsisiwalat sa pangatlong partido, pagpapanatili, at pagwasak ng mga personal na makikilalang impormasyon; at pagsasalarawan ng lahat ng karapatan ng mga magulang at mga anak ukol sa impormasyong ito, kasama na ang mga karapatan sa ilalim ng FERPA at ang mga ipinapatupad nitong regulasyon sa 34 CFR Bahagi 99.

## Boluntaryong Pagtatakda ng Mga Magulang sa Pribadong Paaralan

Mayroon kang partikular na mga karapatan kapag boluntaryo mong ipinasok ang iyong anak sa isang pribadong paaralan. Hindi iniaatas ng IDEA sa

pampublikong paaralan na magbayad para sa halaga ng edukasyon, kasama na ang espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo, para sa iyong anak na may kapansanan sa isang pribadong paaralan o pasilidad kung pinangyari ng pampublikong paaralan na makuha mo ang FAPE para sa iyong anak ngunit pinili mo pa ring ilagay ang bata sa pribadong paaralan o pasilidad. Gayunpaman, ang pampublikong paaralan kung saan naroon rin ang pribadong paaralan ay kinakailangang isama ang iyong anak sa mga pinagsisilbihan nila ng gayong pangangailangan sa ilalim ng mga paglalaan ng IDEA may kinalaman sa mga bata na ipinasok ng kanilang mga magulang sa pribadong paaralan.

### Mga Iniaatas sa Unilateral na Pagtatakda ng Mga Magulang ng Mga Anak sa Mga Pribadong Paaralan na Gagastusan ng Publiko

Mayroon kang partikular na mga karapatan kapag ipinasok mo ang iyong anak sa isang pribadong paaralan dahil hindi ka sumasang-ayon sa pampublikong paaralan kaugnay ng kawalan ng naaangkop na programa para sa iyong anak.

Kung tumanggap ng espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo ang iyong anak sa nakalipas na panahon sa ilalim ng awtoridad ng pampublikong paaralan at pinili mong ipasok ang iyong anak sa pribadong preschool, elementary school, o secondary school nang walang pahintulot o pagsangguni sa pampublikong paaralan, ang korte o opisyal sa pagdinig ay maaaring mag-atas sa pampublikong paaralan na bayaran ka para sa ginastos mo sa pagpapatala kung mapagpasiyahan ng korte o opisyal sa pagdinig na hindi pinangyari ng pampublikong paaral na makakuha ang iyong anak ng FAPE sa wastong panahon bago kayo nagpatala at ang pribadong pagtatakda ay naaangkop. Maaaring mapagpasiyahan ng opisyal sa pagdinig o korte na naaangkop ang iyong pagtatakda, kahit na ang pagtatakda ay hindi nakakaabot sa mga pamantayan ng estado na ginagamit sa edukasyon na inilalaan ng TEA at ng mga paaralan.

### Hangganan ng Pagbabayad

Ang halaga ng pagbabayad na inilarawan sa talata sa itaas ay maaari ring bawasan o tanggihan kung sa pinakahuling pagpupulong ng komite ng ARD na dinaluhan mo bago mo inalis ang iyong anak sa pampublikong paaralan, ay hindi mo inabisuhan ang komite na tinatanggihan mo ang pagtatakda na iminungkahi ng pampublikong paaralan upang mabigyan ng FAPE ang iyong anak, kasama rin ang pagpapahayag ng iyong mga alalahanin at iyong balak na ipatala ang iyong anak sa pribadong paaralan na gagastusan ng publiko; o di-bababa sa 10 araw na may pasok sa trabaho, kasama na ang anumang pista-opisyala na nagaganap sa araw na may pasok sa trabaho, bago mo alisin ang iyong anak sa pampublikong paaralan, hindi ka nagbigay ng nakasulat na paunawa sa pampublikong paaralan ukol sa impormasyong iyon; o, bago mo alisin ang iyong anak sa pampublikong paaralan, nagbigay sa iyo ang pampublikong paaralan ng paunang nakasulat na paunawa tungkol sa kanilang balak na suriin ang iyong anak, kasama ang pahayag ng kanilang layunin ng pagsusuri na naaangkop at makatuwiran, ngunit hindi mo pinapunta ang bata sa pagsusuri; o napag-alaman ng korte na ang iyong mga isinagawa ay hindi makatuwiran.

Gayunpaman, ang halaga ng bayarin ay hindi dapat bawasan o tanggihan dahil sa kabiguang magbigay ng paunawa kung hinadlangan ka ng pampublikong paaralan sa pagbibigay ng paunawa; hindi ka nakatanggap ng paunawa tungkol sa iyong responsibilidad na magbigay ng paunawa na inilarawan sa itaas; o ang pagtupad sa mga kinakailangan sa itaas ay malamang na magreulta ng pisikal na pinsala sa iyong anak. Sa pagpapasiya ng korte o opisyal sa pagdinig, ang halaga ng babayaran ay hindi maaaring bawasan o tanggihan dahil sa iyong kabiguang magbigay ng kinakailangang paunawa kung ikaw ay hindi marunong magbasa o sumulat sa Ingles; o kung ang pagsunod sa pangangailangan sa itaas ay malamang na maging sanhi ng malubhang pinsala sa damdamin ng iyong anak.

## Paglilipat ng Mga Karapatan ng Magulang

Ang lahat ng karapatan ng magulang sa ilalim ng IDEA ay ililipat sa bata kapag siya ay umabot sa hustong gulang. Ang hustong gulang (age of majority) sa ilalim ng batas ng Texas ay 18 taong gulang. Para sa karamihan ng bata, lahat ng karapatan ng magulang na tinalakay sa dokumentong ito ay ililipat sa bata kapag siya ay umabot sa edad na 18. Kapag ang mga karapatan ng magulang ay inilipat sa iyong mag-aaral na nasa hustong gulang, may karapatan siyang magdesisyon para sa edukasyon, bagaman dapat ka pa ring paglaanan ng pampublikong paaralan ng mga paunawa tungkol sa mga pagpupulong ng komite ng ARD at mga paunang nakasulat na paunawa. Gayunpaman, hindi ka maaaring dumalo sa mga pagpupulong maliban kung espesipiko kang inanyayahan ng mag-aaral na nassa hustong gulang o ng paaralan o maliban kung ang iyong mag-aaral na nasa hustong gulang ay nagbigay sa iyo ng karapatan sa sinusuportahang kasunduan para sa pagdedesisyon.

### Tagapag-alaga na Hinirang ng Korte para sa Mag-aaral na nasa Hustong Gulang

Kung ikaw o ang ibang tao ay hinirang ng korte bilang ligal na tagapag-alaga ng mag-aaral na nasa hustong gulang, ang mga karapatan sa ilalim ng IDEA ay hindi ililipat sa mag-aaral na nasa hustong gulang. Ang ligal na hinirang na tagapag-alaga (legally-appointed guardian) ang tatanggap ng mga karapatan.

### Nakulong na Mag-aaral na nasa Hustong Gulang

Kung ang mag-aaral na nasa hustong gulang ay nakulong, lahat ng karapatan ng IDEA ay ililipat sa mag-aaral na nasa hustong gulang kapag tumuntong na siya sa edad na 18. Hindi mo mapapanatili ang karapatang tumanggap ng mga paunang nakasulat na paunawa na may kaugnayan sa espesyal na edukasyon.

### Mga Mag-aaral na nasa Hustong Gulang bago Tumuntong sa Edad na 18

May ilang kondisyon na inilarawan sa Kabanata 31 ng Texas Family Code na naging sanhi sa pagiigng nasa hustong gulang ng bata bago tumuntong sa edad na 18. Kung ang iyong anak ay tinutukoy bilang isang nasa hustong gulang sa ilalim ng kabanatang ito, ang mga karapatan sa ilalim ng IDEA ay ililipat sa iyong anak sa panahong iyon.

### Mga Alternatibo sa Pangangalaga

Dapat igalang ng pampublikong paaralan ang may-bisang power of attorney o may-bisang suportadong kasunduan sa pagdedesisyon na isinakatuparan ng iyong mag-aaral na nasa hustong gulang.

Mga Kinakailangang Paunawa at Impormasyon
Bago ang o sa ika-17 kaarawan ng iyong anak, ang pampublikong paaralan ay dapat magbigay sa iyo at sa iyong anak ng nakasulat na paunawa na naglalarawan ng paglilipat ng mga karapatan ng magulang at kalakip ang impormasyon tungkol sa pangangalaga at mga alternatibo sa pangangalaga, kabilang ang mga suportadong kasunduan para sa pagdedesisyon, at iba pang suporta at serbisyo na maaring makatulong sa iyong anak sa pamumuhay nang independyente. Dapat ding ipahayag sa IEP ng iyong anak na ibinigay ng pampublikong paaralan ang impormasyong ito.

Sa ika-18 kaarawan ng iyong anak, dapat kang bigyan at ang iyong anak ng pampublikong paaralan ng nakasulat na paunawa na ang karapatan ng magulang ay inilipat na sa mag-aaral na nasa hustong gulang. Ang nakasulat na paunawang ito ay dapat maglakip ng impormasyon at mga sanggunian tungkol sa pangangalaga at mga alternatibo sa pangangalaga, kabilang ang suportadong mga kasunduan sa pagdedesisyon, at iba pang suporta at serbisyo na maaaring makatulong sa iyong anak sa pamumuhay nang independyente. Dapat ding maglaman ang nakasulat na paunawa ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan na magagamit sa paghahanap ng karagdagang impormasyon.

## Impormasyon ng Espesyal na Edukasyon

Kung kailangan mo ng impormasyon tungkol sa mga isyu sa espesyal na edukasyon, maaari mong tawagan ang Special Education Information Center sa 1-855-SPEDTEX (1-855-773-3839). Kung tatawagan mo ang numero na ito at mag-iiwan ka ng mensahe, mayroong tatawag sa iyo sa normal na oras ng serbisyo. Ang mga indibidwal na bingi o hirap sa makarinig ay maaari ding tumawag sa teleponong nabanggit sa itaas gamit ang Relay Texas sa 7-1-1.

## Paglutas ng Mga Di-pagkakaunawaan

Maaaring magkaroon ng mga pagkakataon kung saan hindi ka sumang-ayon sa naging pagpapasya ng paaralan ukol sa espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo para sa iyong anak. Ikaw ay hinihimok na makipagtulungan sa mga tauhan ng paaralan upang malutas ang inyong di-pagkakaunawaan kapag nangyari ito. Maaari mong tanungin sa paaralan kung ano ang mga opsyon na iniaalok nila sa mga magulang para malutas ang mga di-pagkakaunawaan. Nag-aalok ang TEA ng apat na pormal na opsyon para sa paglutas ng mga di-pagkakaunawaan ukol sa espesyal na edukasyon: pangangasiwa ng estado sa IEP ng estado, mga serbisyo ng pamamagitan, ang proseso ng resolusyon para sa reklamo ukol sa espesyal na edukasyon, at ang programa ng kaukulang proseso sa pagdinig.

### Mga Kaibahan sa Pagitan ng Mga Pamamaraan para sa Mga Kaukulang Proseso sa Reklamo at Pagdinig at Reklamo ukol sa Espesyal na Edukasyon

Ang mga pederal na regulasyon ukol sa espesyal na edukasyon ay naglalahad ng magkakahiwalay na pamamaraan para sa mga reklamo ukol sa espesyal na edukasyon at para sa kaukulang proseso sa mga reklamo at pagdinig. Tulad ng ipinaliwanag sa itaas, ang sinumang indibidwal o samahan, kabilang ang isa mula sa labas ng estado, ay maaaring magsampa ng reklamo ukol sa espesyal na edukasyon na nauugnay sa paglabag sa anumang iniaatas sa Bahagi B ng IDEA ng paaralan, TEA, o anumang iba pang pampublikong ahensya. Tanging ikaw o ang paaralan ang maaaring magsampa ng reklamo

para sa kaukulang proseso sa anumang bagay na nauugnay sa panukala o pagtanggi na simulan o baguhin ang pagkakakilanlan, pagsusuri o pang-edukasyon probisyon sa batang may kapansanan, o ang pagbibigay ng FAPE sa bata. Bagaman sa pangkalahatan ay dapat na lutasin ng TEA ang reklamo ukol sa espesyal na edukasyon sa loob ng balangkas ng panahon na 60 araw sa kalendaryo, maliban kung ang balangkas ng panahon ay naaangkop na pinalawig, ang walang kinikilingang opisyal sa pagdinig ay dapat na magsagawa ng kaukulang proseso sa reklamo (kung hindi nalutas sa pamamagitan ng pagpupulong para sa resolusyon o sa pamamagitan ng pagtulong ng tagapamagitan) at maglabas ng nakasulat na desisyon sa loob ng 45 araw sa kalendaryo pagkalipas ng pagtatapos ng panahon ng resolusyon, tulad ng inilarawan sa dokumentong ito sa ilalim ng heading na Proseso ng Resolusyon, maliban kung ang opisyal sa pagdinig ay magbibigay ng espesipikong pagpapalawig ng balangkas ng panahon sa iyong kahilingan o sa kahilingan ng paaralan.

## Pangangasiwa ng Estado Sa IEP

Gaya ng ipinag-uutos ng batas ng estado, bumuo ang TEA ng proyektong maglalaan ng mga independyenteng tagapangasiwa ng IEP na tutulong sa pagpupulong ng komite ng ARD kasama ang mga partido na may di-pagkakaunawaan tungkol sa mga desisyong may kinalaman sa mga paglalaan ng FAPE sa batang may kapansanan. Ang mga kondisyon na dapat masunod para maglaan ang TEA ng mga independyenteng tagapangasiwa ay ang mga sumusunod:

- Ikaw at ang paaralan ay dapat na tapusin at pirmahan ang kinakailangang request form. Ang form ay makukuha sa Ingles at Kastila, online at Individualized Education Program Facilitation (Link: bit.ly/3spluIV). Makukuha rin ito kapag hinigi sa TEA.
- Ang pagtatalo ay dapat iugnay sa pagpupulong ng komite ng ARD kung saan hindi nakamit ang kasunduan tungkol sa isa o higit pa sa mga elementong hinihingi ng IEP at pumayag ang komite ng ARD ay sumang-ayon na magpahinga at pagkatapos ay muling magpulong.
- Dapat ay nakapagsampa ka at ang paaralan ng hinihinging request form sa loob ng limang araw ng kalendaryo makalipas ang pagpupulong ng komite ng ARD na nagtapos sa di-pagkakaunawaan, at kailangang may tagapangasiwa sa itinakdang araw ng muling pagpupulong.
- Hindi dapat na iugnay ang pagtatalo sa "pagtukoy ng palatandaan" o pagpapasiya at pagtukoy sa pagtatakda ng IAES.
- Ikaw at ang paaralan ay dapat na hindi kasalukuyang sangkot sa isang pamamagitan ukol sa espesyal na edukasyon.
- Ang isyung pinagtatalunan ay hindi dapat paksa ng isang reklamo sa espesyal na edukasyon o kaukulang proseso sa pagdinig ukol sa espesyal na edukasyon
- Ikaw at ang paaralan ay hindi dapat naging kalahok sa pangangasiwa ng IEP para sa parehong bata sa loob ng parehong taon ng pagpasok sa paaralan matapos isampa ang kasalukuyang kahilingan para sa pangangasiwa ng IEP.
- Ang patakaran ng estado na kaugnay ng programan ng pangangasiwa ng estado sa IEP ay matatagpuan sa 19 TAC §89.1197 (Link: bit.ly/3bCULCL).

## Mga Serbisyo ng Pamamagitan

Ang pamamagitan ay dapat naroon para malutas ang mga pagtatalo tungkol sa anumang usapin sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA, kasama ang mga usapin mula sa pagsampa ng kaukulang proseso sa reklamo. Samakatuwid, ang pamamagitan ay maaaring lutasin ang mga pagtatalo sa ilalim ng Bahag B ng IDEA, nagsampa ka man o hindi ng kaukulang proseso sa reklamo para humiling ng kaukulang proseso sa pagdinig ayon sa nakalarawan sa ilalim ng heading na Mga Pamamaraan sa Kaukulang Proseso. Ang pamamagitan ay hindi limitado para sa mga pagtatalo sa pagitan ng mga magulang at paaralan may kinalaman sa pagkilala, pagsusuri o pang-edukasyong pagkakatakda ng bata, o ng paglalaan ng FAPE para sa bata.

Ang pamamagitan ay isang boluntaryong proseso. Samakatuwid, kung ikaw at ang paaralan ay boluntaryong sumang-ayon na sumali sa pamamagitan, gagawa ng kaayusan ang TEA para sa pamamagitan. Hindi maaaring gamitin ang pamamagitan para ipagpaliban o ipagkait ang kaukulang proseso sa pagdinig o anumang iba pang karapatan sa ilalim ng IDEA

Awtomatikong iniaalok ng TEA ang mga serbisyo ng pamamagitan sa tuwing may humiling ng kaukulang proseso sa pagdinig. Ngunit, maaari kang humingi ng serbisyo ng pamamagitan kailanma't ikaw at ang paaralan ay magkaroon ng di-pagkakaunawaan tungkol sa anumang usapin sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA.

Ang mga namamagitan ay hindi empleyado ng TEA o ng distrito ng paaralan na kaugnay sa edukasyon o pag-aalaga ng bata na paksa ng proseso ng pamamagitan, at dapat ay wala silang pampersonal o pampropesyonal na

interes na magiging salungat sa kanilang pagiging makatarungan. Ang taong kuwalipikado bilang tagapamagitan ay hindi isang empleyado ng distrito ng paaralan o ng TEA tangi lamang dahil siya ay binayaran ng TEA para magsilbing tagapamagitan. Ang mga namamagitan ay mga propesyonal na kuwalipikado at nagsanay sa paglutas ng mga pagtatalo at may kaalaman sa mga batas sa espesyal na edukasyon. Ang papel ng namamagitan ay ang maging makatarungan at hindi kumampi sa sinumang partido sa pamamagitan. Layunin ng pamamagitan na tumulong sa iyo at sa paaralan na makamit ang kasunduan na magiging kasiya-siya sa inyo.

Ang link sa kasalukuyang listahan ng mga tagapamagitan ay matatagpuan sa Office of General Counsel, Special Mediation Program (Link: bit.ly/39yQTjK).

Kung sasang-ayon ka at ang paaralan sa pamamagitan, maaari kayong sumang-ayon na gumamit ng partikular na namamagitan o isang namamagitan ang mapipiling italaga sa inyo. Sa anumang kaso, tatawagan kayo ng namamagitan sa wastong oras upang itakda ang pamamagitan sa oras at lugar na maalwan sa iyo at sa paaralan.

Ang mga talakayan na nagaganap sa panahon ng proseso ng pamamagitan ay dapat na maging kumpidensyal. Hindi sila maaaring magamit bilang ebidensya sa hinaharap na kaukulang proseso sa pagdinig o sibil na paglilitis ng anumang pederal o pang-estadong korte ng isang estadong tumatanggap ng tulong sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA.

Kung naabot mo at ng paaralan ang resolusyon ng isang di-pagkakaunawaan sa proseso ng pamamagitan, ang parehong partido ay dapat na pumasok sa kasunduang may ligal na bisa, na naglalahad ng resolusyon. Dapat sabihin ng kasunduan na ang lahat ng mga talakayan na nangyari sa panahon ng proseso ng pamamagitan ay mananatiling kumpidensyal at hindi maaaring gamitin bilang katibayan sa anumang kasunod na kaukulang proseso sa pagdinig o paglilitis sa sibil.. Ang kasunduan ay dapat ding lagdaan mo at ng kinatawan ng distrito ng paaralan na may awtoridad para pagsamahin ang distrito ng paaralan. Ang nakasulat na nilagdaang kasunduan sa pamamagitan ay legal na naipapatupad at maisasagawa sa anumang korte na may awtoridad sa ilalim ng batas ng estado para marinig ang ganitong klase ng kaso o sa pederal na korte ng distrito.

Matatagpuan mo ang karagdagang impormasyon tungkol sa proseso ng pamamagitan sa TEA website sa Office of General Counsel, Special Mediation Program (Link: bit.ly/39yQTjK).

Ang patakaran ng estado na kaugnay ng proseso ng pamamagitan ukol sa espesyal na edukasyonay matatagpuan sa 19 TAC §89.1193 (Link: bit.ly/35Dyrp2).

## Proseso ng Resolusyon ng Reklamo ukol sa Espesyal na Edukasyon

Ang isa pang paraan ng paglutas ng pagtatalo ukol sa espesyal na edukasyon ay ang proseso ng resolusyon ng reklamo ukol sa espesyal na edukasyon ng TEA. Sa dokumentong ito, ang terminong *reklamo ukol sa espesyal na edukasyon* ay tumutukoy sa reklamo ng estado sa ilalim ng IDEA at pagpapatupad na mga regulasyon nito. Kung naniniwala ka na ang isang ahensyang pampubliko ay lumabag sa iniaatas sa espesyal na edukasyon, o kung naniniwal ka na ang pampublikong ahensiya ay hindi nagpapatupad ng kaukulang proseso sa pagpasya sa pagdinig, maaari kang magpadala ng nakasulat na reklamo sa TEA. Kailangan mo ring ipadala ang iyong reklamo sa entidad na inirereklamo mo sa kasong ito kasabay ng pagpapadala mo ng reklamo mo sa TEA. Ang anumang samahan o indibidwal, kasama ang isa mula sa ibang estado, ay maaaring magsampa ng reklamo ukol sa espesyal na edukasyon sa TEA. Ang talaarawan ng reklamo ay magsisimula sa susunod na araw na may pasok sa trabaho matapos ang araw na matanggap ng TEA ang reklamo.

Ang TEA ay bumuo ng modelong form upang tulungan ang mga magulang at iba pang mga partido sa paghahain ng reklamo ukol sa espesyal na edukasyon. Ang partidong magsasampa ng reklamo ukol sa espesyal na edukasyon ay maaaring gumamit ng modelong form ng estado o anumang iba pang dokumento hangga't kasama sa reklamo ang lahat ng kinakailangang impormasyon.

Kailangang ilarawan ng iyong nakasulat na reklamo ang paglabag na naganap nang hindi hihigit sa isang taon bago sa petsa ng pagkatanggap ng reklamo. Kailangang nakasaad sa reklamo ang: pahayag na ang ahensyang pampubliko ay lumabag sa iniaatas ng espesyal na edukasyon; ang mga katotohanan na basehan ng pahayag; ang iyong lagda at impormasyon ng iyong pakikipag-ugnayan; isang mungkahing sagot sa suliranin base sa lawak ng iyong kaalaman sa panahon na iyon; at, kung ang reklamo ay nauukol lang sa isang partikular na bata, ang pangalan at tirahan ng bata o paraan ng pakikipag-ugnayan sa kanya kung ang bata ay walang tirahan, at pangalan ng paaralan ng bata.

Ang reklamo ay dapat ding isama ang isang iminungkahing resolusyon sa problema sa abot ng nalalaman at maaaring makuha ng nagrereklamo sa oras

na isinampa ang reklamo. Sa pagsampa ng reklamo ukol sa espesyal na edukasyon, ay bibigyan ng TEA ang nagrereklamo ng pagkakataon ng na magharap ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga alegasyon sa reklamo, pabigkas man o sa pamamagitan ng sulat. Bibigyan ng TEA ang ahensyang pampubliko ng pagkakataong tumugon sa reklamo at ng pagkakataon na magharap ng mungkahi para malutas ang reklamo. Gayundin, bibigyan ng TEA ang magulang na nagsampa ng reklamo at pampublikong ahensiya ng oportunidad na makilahok sa pamamagitan.

Sa loob ng 60 araw ng kalendaryo matapos matanggap ang reklamo ukol sa espesyal na edukasyon, magsasagawa ang TEA ng imbestigasyon, kasama ang on-site na imbestigasyon kung kailangan. Ang balangkas ng panahon na 60 araw ng kalendaryo para sa paglutas ng reklamo ay maaaring mapalawig dahil sa mga pambihirang pangyayari tungkol sa partikular na reklamo o kung ang parehong partido sa reklamo ukol sa espesyal na edukasyon ay sumang-ayon para sa pagpapalawig upang makisali sa pamamagitan o iba pang mga alternatibong paraan ng paglutas ng pagtatalo.

Sa pagsasagawa ng imbestigasyon, rerepasuhin ng TEA ang lahat ng makabuluhang impormasyon at gagawa ng malayang determinasyon kung lumabag ang pampublikong ahensiya sa pederal o pang-estadong iniaatas ukol sa espesyal na edukasyon. Ang TEA ay maglalabas ng nakasulat na pagpasyang tumutugon sa bawat isa sa mga alegasyon kasama ang mga nakitang katotohanan, konklusyon, at dahilan sa desisyon ng TEA.

Sa paglutas ng reklamo kung saan nakahanap ang TEA ng kabiguang magbigay ng angkop na mga serbisyo, dapat tugunan ng TEA ang kabiguang magbigay ng mga angkop na serbisyo, kasama ang pantamang pagkilos para matugunan ang mga pangangailangan ng bata (tulad ng pambayad na serbisyo o perang reimbursement) at mga angkop na probisyon sa hinaharap ng mga serbisyo para sa lahat ng batang may kapansanan.

Ang desisyon ng TEA tungkol sa iyong reklamo ukol sa espesyal na edukasyon ay pinal at hindi maaaring iapela.

Ang pagsampa ng reklamo ay hindi kawalan ng iyong karapatan na humiling ng pamamagitan o kaukulang proseso sa pagdinig. Kung ikaw ay nagsampa ng reklamo at humiling ng kaukulang proseso sa pagdinig tungkol sa parehong mga isyu, kailangan ng TEA na itabi ang anumang mga isyu sa reklamo na sinasagot sa kaukulang proseso sa pagdinig hanggang matapos ang pagdinig. Ang anumang isyu sa reklamo na hindi parte sa kinakailangang proseso ng pagdinig ay malulutas sa loob ng itineraryo at mga pamamaraan na inilarawan sa dokumentong ito.

Kung ang isyung ibinangon sa reklamo ay pinagpasyahan sa kaukulang proseso sa pagdinig na kinasasangkutan rin ng parehong mga partido, ang pasya sa pagdinig ay ipagtitibay sa parehong isyu, at aabisuhan ng TEA ang nagrereklamo tungkol doon.

Ang TEA ay dapat na may nakasulat na mga pamamaraan para sa malawak na pagpapakalat ng mga pamamaraan ng reklamo nito sa mga magulang at iba pang mga interesadong indibidwal, kabilang ang pagsasanay sa magulang at mga sentro ng impormasyon, mga ahensya ng proteksyon at adbokasiya, mga independyenteng sentro ng pamumuhay, at iba pang naaangkop na mga entidad.

Ang TEA ay dapat ding magkaroon ng nakasulat na mga pamamaraan para masiguro ang mabisang pagpapatupad ng huling desisyon nito, kung kinakailangan, kasama ang: (a) mga gawaing pantulong sa panteknikal; (b) negosasyon; at (c) mga pagkilos na nagwawasto upang makamit ang pagsunod.

Matatagpuan mo ang karagdagang impormasyon tungkol sa proseso ng reklamo ukol sa espesyal na edukasyon at mga form sa “complaint investigation” (imbestigasyon sa mga reklamo) sa TEA website sa: Special Education Dispute Resolution Processes (Link: bit.ly/3bL6n73).

Ang patakaran ng estado na kaugnay ng proseso ng mga reklamo ukol sa espesyal na edukasyon ay matatagpuan sa 19 TAC §89.1195 (Link: bit.ly/35IU1rY).

## Mga Pamamaraan sa Kaukulang Proseso

Ang ikaapat na opsyon para sa paglutas ng mga pagtatalo sa espesyal na edukasyon ay ang programa ng kaukulang proseso sa pagdinig. Sa kaukulang proseso sa pagdinig, ang opisyal sa pagdinig na walang kinikilingan ay didinig sa ebidensya mula sa mga partido at bubuo ng isang ipagtitibay na ligal na pagpapasya.

Upang humiling ng pagdinig, ikaw o ang paaralan (o ang iyong abogado/kinatawan o ang abogado/kinatawan ng paaralan) ay dapat magsumite ng kaukulang proseso sa reklamo sa kabilang partido at isampa ito sa TEA. May karapatan kang humiling ng kaukulang proseso sa pagdinig sa pagsampa ng kaukulang proseso sa reklamo sa anumang paksa na may kaugnayan sa pagkakakilanlan, pagsusuri o pang-edukasyong pagtatakda ng iyong anak, o sa pagtutustos ng FAPE sa iyong anak.

Kailangan mong magsampa ng kinakailangang proseso ng reklamo sa loob ng isang taon ng petsa na nalaman mo o dapat mong nalaman ang tungkol sa di-umanong pagkilos na naging basehan ng reklamo. Ang isang-taong

talaarawang ito ay pwede ring tukuying kautusang limitasyon. Walang bisa sa iyo ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari kung ikaw ay hinadlangang magsampa ng kaukulang proseso sa reklamo dahil sa mga partikular na maling representasyon ng paaralan na kinailangan nilang lutasin ang problema, o dahil itinago sa iyo ng paaralan ang mga impormasyon na iniaatas na ibigay sa iyo. Habang wala sa iniaatas ng IDEA, iniaatas ng batas ng Texas na sa ilang kalagayan, ang isang-taon na kautusang limitasyon, kung humiling ng kaukulang proseso sa pagdining ay maaring magbayad – o mahinto – kung ikaw ay isang aktibong miyembro ng Sandatahang Lakas, ng Commisioned Corps of the United States Public Health Service, at kung ang mga probisyon ng kautusang limitasyon ng batas pederal na kilala bilang Service Members Civil Relief Act ay akma sa iyo,

Kung nagsampa ka ng kaukulang proseso sa reklamo para humiling ng kaukulang proseso sa pagdinig, kargo mo na patunayan na ang paaralan ay lumabag sa isang iniaatas ng espesyal na edukasyon. Sa ilang mga sitwasyon, maaaring magsampa ng kaukulang proseso sa reklamo para humiling ang paaralan ng kaukulang proseso sa pagdinig laban sa iyo. Sa ganitong mga sitwasyon, kargo naman ng paaralan ang maghain ng pruweba.

Bago mo ihabla ang paaralan sa korte tungkol sa anumang mga bagay na nakalista sa itaas, kailangan mong magsampa ng kaukulang proseso sa reklamo. Kung hindi mo pa ginagawa, ang iyong mga demanda sa korte ay maaaring isangtabi.

## Paghiling ng Kaukulang Proseso sa Pagdinig

Ikaw o ang paaralan ay maaaring walang kaukulang proseso sa pagdinig hanggang ikaw o ang iyong abogado/kinatawan o ang abogado/kinatawan ng paaralan) ay nagsampa ng kaukulang proseso sa reklamo na kasama ang: pangalan at tirahan ng iyong anak, o impormasyon ng pakikipag-ugnayan kung siya ay walang tahanan; pangalan ng paaralan ng bata; isang paglalarawan ng problema ng iyong anak, kasama ang mga katotohanan na may kaugnayan sa problema; at isang kapasiyahan ng problema na iyong iminumungkahi sa abot ng iyong kaalaman sa oras na iyon.

Ang form para sa kaukulang proseso sa reklamo ay makukuha mula sa TEA sa [Office of General Counsel, Special Education Due Process Hearing (Link: bit.ly/2XCdKFw).](bit.ly/2XCdKFw)

Hindi mo kailangang gamitin ang form sa TEA, ngunit dapat naglalaman ang iyong reklamo ng kinakailangang impormasyon sa itaas.

Ikaw, ang iyong aboga do, o ang iyong kinatawan (o ang paaralan, ang abogado nito, o ang kinatawan nito) ay dapat magpadala ng nakasulat na kaukulang proseso sa reklamo sa TEA at sa kalaban na partido nang sabay. Ang kaukulang proseso sa reklamo ay dapat na manatiling kumpidensyal.

Upang magpatuloy ang kaukulang proseso sa reklamo, dapat itong ituring na sapat (upang matugunan ang mga kinakailangan sa nilalaman sa itaas). Ang kaukulang proseso sa reklamo ay maituturing na sapat maliban kung ang partido na tumatanggap ng kaukulang proseso sa reklamo (ikaw o ang paaralan) ay aabisuhan ang opisyal sa pagdinig at ang iba pang partido sa sulat, sa loob ng 15 araw ng kalendaryo mula sa pagtanggap ng reklamo, na ang tumatanggap na partido ay naniniwala na ang hindi natutugunan ng kaukulang proseso sa reklamo ang mga iniaatas na nakalista sa itaas.

Sa loob ng limang araw ng kalendaryo matapos ang pagtanggap ng abiso na ang tumatanggap na partido (ikaw o ang distrito ng paaralan) ay itinuturing na hindi sapat ang kaukulang proseso sa reklamo , dapat na magpasya ang opisyal sa pagdinig kung ang kaukulang proseso sa reklamo ay natutugunan ang mga iniaatas nakalista sa itaas at aabisuhan ka at ang paaralan nang nakasulat.

## Tugon ng Distrito ng Paaralan sa Iniaatas na Kaukulang Proseso sa Reklamo

Kung ang paaralan ay hindi pa nagpapadala sa iyo ng paunang nakasulat na paunawa sa ilalim ng 34 CFR §300.503 tungkol sa paksa na nilalaman sa kaukulang proseso sa reklamo,

- paliwanag kung bakit iminungkahi o tinanggihan na gawin ang aksyon sa isinampang kaukulang proseso sa reklamo ;
- paglalarawan ng mga ibang opsyon na isinaalang-alang ng komite ng ARD at mga dahilan kung bakit ang mga opsiyong ito ay tinanggihan;
- Ang paglalarawan ng bawat pamamaraan ng pagsusuri, pagtatasa, tala, o ulat na ginamit nito bilang batayan para sa panukala o tinanggihang pagkilos; at
- Paglalarawan ng mga ibang salik na makabuluhan sa panukala ng paaralan o tinanggihang pagkilos.

Ang pagbibigay ng impormasyong ito ay hindi pumipigil sa paaralan na ipahayag na ang iyong kaukulang proseso sa reklamo ay hindi sapat, kung kinakailangan

## Tugon ng Ibang Partido sa Kaukulang Proseso sa Reklamo

Maliban sa nakasaad sa sinusundang seksyon sa itaas, ang

partido na tumatanggap ng kaukulang proseso sa reklamo ay dapat, sa loob ng 10 araw ng kalendaryo pagkatapos makatanggap ng reklamo, magpadala sa kabilang partido ng tugon na partikular na tinutugunan ang mga isyu sa reklamo.

Ang magulang o paaralan ay maaaring mag-amyenda o magbago lamang ng reklamo sa kaukulang proseso sa reklamo kung inaprubahan ng ibang partido ang mga pagbabago sa pagsulat at bibigyan ng pagkakataong malutas ang kaukulang proseso sa reklamo sa pamamagitan ng pagpupulong sa resolusyon o kung ang opisyal sa pagdinig ay nagbibigay ng pahintulot na hindi lalampas sa limang araw sa kalendaryo bago magsimula ang pagdinig. Ang partido na humiling ng pagdinig ay hindi maaaring magbangon ng mga isyu sa pagdinig na hindi naibangon sa kaukulang proseso sa reklamo maliban kung sumang-ayon ang ibang partido na maaaring ibangon ang karagdagang isyu. Kung ang partido ng paghaharap, ikaw man o ang paaralan, ay nag-amyenda (nagbabago) sa kaukulang proseso sa reklamo, ang mga balangkas ng panahon para sa yugto ng paglutas at ang mga balangkas ng panahon para sa pagdinig ay nagsisimulang muli sa araw na isinampa ang inamyendahang reklamo.

Dapat kang mabigyan ng impormasyon tungkol sa anumang libre o mababang gastos na ligal at iba pang nauugnay na mga serbisyo na magagamit sa lugar kung hihilingin mo ang impormasyon, o kung ikaw o ang paaralan ay nagsasampa ng kaukulang proseso sa reklamo.

## Katayuan ng Anak sa Panahon ng Mga Pagdinig (Stay-Put)

Maliban sa paglilitis na nagsasangkot ng disiplina, sa sandaling ang kaukulang proseso sa reklamo ay naipadala sa ibang partido, sa panahon ng yugto ng proseso ng resolusyon, at habang hinihintay ang desisyon ng anumang walang kinikilingan na pagdinig o proseso ng korte, maliban kung ikaw at ang estado ay sumasang-ayon o di kaya'y ang paaralan, ang iyong anak ay dapat manatili sa kaniyang kasalukuyang probisyon sa edukasyon. Ang pananatili sa kasalukuyang kaayusan ay karaniwang tinutukoy bilang stay-put. Kung ang pagpapatuloy ay nagsasangkot ng disiplina, tingnan ang Pagtatakda sa Panahon ng mga Pag-apela para sa talakayan tungkol sa probisyon para sa bata sa panahon ng mga pagtatalo sa disiplina.

Kung ang reklamo sa angkop na proseso ay nagsasangkot ng aplikasyon para sa iyong anak na maipasok nang una sa pampublikong paaralan, ang iyong anak ay dapat ilagay, kung papayag ka, sa programa ng pampublikong paaralan hanggang sa matapos ang lahat ng paglilitis. Kung ang bata ay magtatatlong gulang na at lumilipat mula sa programang Early Childhood Intervention (ECI), ang stay-put ay hindi ang mga serbisyo ng ECI. Kung kwalipikado ang bata para sa espesyal na edukasyon at kaugnay na mga serbisyo at sumasang-ayon ang magulang, ang mga serbisyong hindi pinagtatalunan ay dapat ibigay.

Kung ang hearing officer opisyal sa pagdinig sa kaukulang proseso sa pagdinig na isinagawa ng TEA ay sumasang-ayon sa iyo na angkop na baguhin ang pagtatakda o probisyon para sa iyong anak, ang pagbabago sa probisyong ito ay dapat ituring bilang kasunduan sa pagitan mo at ng estado. Samakatuwid, ang pagbabago ng probisyong ito ay magiging kasalukuyang probisyon para sa iyong anak habang hinihintay ang resulta ng anumang karagdagang apela.

## Yugto o Panahon ng Resolusyon

Maliban na lang sa kaso ng pinabilis na pagdinig sa loob ng 15 araw ng kalendaryo matapos matanggap ang iyong kaukulang proseso sa reklamo, kailangang magpulong kayo ng paaralan sa tinatawag na *pagpupulong para sa resolusyon*, kung saan dadalo ang isang kinatawan ng paaralan na may awtoridad na gumawa ng kapasiyahan, at mga makabuluhang kasapi ng komite ng ARD na pinili mo at ng paaralan. Maaaring ang dumalo sa pagpupulong ay isang abogado para sa paaralan kung may kasama kang abogado sa pagpupulong.

Maliban kung ikaw at ang paaralan ay kapwa sumang-ayon sa isang kasulatan na hindi na isagawa ang proseso ng kapasiyahan o sa halip ay gamitin ang pamamagitan, dapat isagawa ang pagpupulong para sa resolusyon. Kapag hindi ka nakilahok sa pagpupulong para sa resolusyon, ang balangkas ng panahon para sa proseso ng resolusyon at pagdinig ay maaantala hanggang maisagawa ang pagpupulong.

Kung nagsagawa ang paaralan ng makatuwirang pagsisikap upang mapadalo ka sa pagpupulong para sa resolusyon, ngunit hindi ka dumalo, sa gayon sa pagtatapos ng yugto ng resolusyon na 30 araw ng kalendaryong, ang paaralan ay maaaring humiling na isantabi ng opisyal sa pagdinig ang iyong kaukulang proseso sa reklamo. Kailangang maipakita ng paaralan na nagsagawa ito ng makatuwirang pagsisikap para padaluhin ka sa pagpupulong para sa resolusyon gamit ang sumusunod na dokumentasyon: rekord ng mga pagtatangka nila na magsaayos ng kapwa ninyo sinang-ayunang oras at lugar, gaya ng detalyadong rekord ng tawag sa telepono na ginawa o tinangkang pagtawag at ang mga resulta ng mga tawag na iyon; mga kopya ng liham na pinadala sa iyo at anumang mga tugon na natanggap; at detalyadong rekord ng mga pagbisitang

ginawa sa iyong tahanan o lugar ng trabaho at mga resulta ng mga pagbisitang iyon.

Kung mabigo ang paaralan na gawin ang pagpupulong para sa resolusyon sa loob ng 15 araw ng kalendaryo matapos ang pagtanggap ng kaukulang proseso sa reklamo o mabigong dumalo sa pagpupulong para sa resolusyon, maaari mong hilingin sa opisyal sa pagdinig na ipag-utos na simulan ang balangkas ng panahon ng 45 araw ng kalendaryon para sa pagdinig.

Karaniwan na, ang yugto ng resolusyon ay tumatagal ng 30 araw ng kalendaryo. Gayunpaman, kung ikaw at ang paaralan ay sumang-ayon sa isang kasulatan na hindi na gawin ang pagpupulong para sa resolusyon, magsisimula sa susunod na araw ng kalendaryo ang balangkas ng panahon ng 45 araw ng kalendaryon para sa pagdinig. Gayundin, kapag sinimulan mo at ng paaralan ang proseso ng pamamagitan o ang pagpupulong para sa resolusyon, ngunit bago matapos ang yugto ng resolusyon na 30 araw ng kalendaryo, ikaw at ang paaralan ay sumang-ayon sa isang kasulatan na hindi posibleng magkaroon ng kasunduan, magsisimula sa susunod na araw ng kalendaryo ang 45 araw ng kalendaryo para sa pagdinig. Sa huli, kung ikaw at ang paaralan ay sumang-ayon na gamitin ang proseso ng pamamagitan sa pagtatapos ng yugto ng resolusyon na 30 araw ng kalendaryo hanggang makaabot sa isang kasunduan. Gayunpaman, kung ikaw o ang paaralan ay umurong sa proseso ng pamamagitan, ang balangkas ng panahon na 45 araw ng kalendaryo para sa pagdinig ay magsisimula sa susunod na araw ng kalendaryo.

Kung ang isang partido ay naghain ng inamyendahang kaukulang proseso sa reklamo, ang mga balangkas ng panahon ng pagpupulong para sa resolusyon at ang yugto ng panahon upang malutas ang reklamo (ang yugto ng resolusyon) ay magsisimulang muli kapag ang inamyendang kaukulang proseso sa reklamo ay naihain.Layunin ng pagpupulong para sa resolusyon na mabigyan ka ng pagkakataong talakayin at madinig ng paaralan ang iyong hiling at ang mga nakakubling katotohanan at mabigyan ang paaralan ng pagkakataong bigyan ng resoslusyon ang pagtatalo na naging basehan ng iyong hiling. Kung makabuo kayo ng kasunduan sa pagpupulong, kailangan mo at ng paaralan na gumawa ng kasulatan ng kasunduan at pirmahan ito. Ang kasulatang kasunduan na ito ay ipapasunod sa korte na may kapangyarihan sa ilalim ng batas ng estado na dumidinig sa ganitong uri ng kaso o sa pederal na korte ng distrito maliban kung isa sa mga partido ay ipawalang bisa ang kasunduan sa loob ng tatlong araw ng serbisyo mula sa petsa nang pinirmahan ito.

Kung hindi maresolba ng paaralan ang mga isyung natalakay sa kaukulang proseso sa reklamo nang kasiya-siya para sa iyo sa loob ng 30 araw ng kalendaryo matapos ang pagtanggap ng iyong reklamo, ang balangkas ng panahon na 45 araw para sa pagdinig ay mag-uumpisa at maaaring magpatuloy ang pagdinig.

### Ang Yugto ng Resolusyon sa mga Pinabilis na Pagdinig

Para sa mga pinabilis na pagdinig, kailangang humarap sa pagpupulong para sa resolusyon ang paaralan sa loob ng pitong araw ng kalendaryo pagkatapos matanggap ang kaukulang proseso sa reklamo. May karapatan ka sa isang pagdinig kung hindi pa napagpasyahan ng paaralan ang mga isyu na natalakay sa iyong reklamo nagn kasiya-siya para sa iyo sa loob ng 15 araw ng kalendaryo. Ang pagdinig ay dapat mangyari sa loob ng 20 araw na may pasok sa paaralan pagkatapos na matanggap ang reklamo para sa kaukulang proseso sa pagdinig. Ang opisyal sa pagdinig ay dapat magpalabas ng huling desisyon sa loob ng 10 araw ng pasukan matapos ang pagdinig.

### Mga Pagdinig

Ang TEA ay nagbibigay ng mga patas na opisyal sa pagdinig upang magsagawa ng pagdinig. Ang mga opisyal sa pagdinig ay hindi empleyado ng TEA o anumang ahensiya na sangkot sa edukasyon at pangangalaga ng iyong anak at hindi maaaring magkaroon ng personal o propesyonal na interes na makakasagabal sa kanyang pagkamakatwiran sa pagdinig. Ang opisyal sa pagdinig ay: (1) Dapat na may kaalaman at nauunawaan ang mga probisyon ng IDEA, mga pederal at pang-estadong regulasyon na nauugnay sa IDEA, at ligal na interpretasyon ng IDEA sa mga pederal at pang-estadong korte; at (2) Kailangang magkaroon ng kaalaman at kakayahang magsagawa ng pagdinig, at upang makagawa at magsulat ng mga desisyon, na naaayon sa naaangkop, pamantayang ligal na kasanayan.

Ang TEA ay namamahala ng listahan ng mga opisyal sa pagdinig kasama rin ang mga katangiang kailangan ng bawat opsiyal sa pagdinig. Ang listahang ito ay nasa TEA website sa Office of General Counsel, Special Education Due Process Hearing (Link: bit.ly/2XCdKFw). Maaari mo ring hingin ang listahan mula sa TEA Office of Legal Services (Tanggapan ng Mga Serbisyong Ligal. Matatagpuan rin ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa dulo ng dokumentong ito.

### Bago Ganapin Ang Pagdinig

Mga ‘di kukulangin sa limang araw ng serbisyo bago maganap ang kaukulang proseso sa pagdinig, kailangan

ninyong isiwalat sa isat-isa ng paaralan ang anumang ebidensya na ipapakilala sa pagdinig. Maaaring tumutol ang sinumang partido sa pagpapakilala ng anumang ebidensya na hindi ibinahagi sa tamang oras. Gayundin, hindi bababa sa limang araw ng negosyo bago ang pagdinig, kayo at ang paaralan ay dapat isiwalat sa bawat isa ang lahat ng pagsusuri na nakumpleto sa petsang iyon at mga rekomendasyon batay sa mga pagsusuri na nais mong gamitin ng paaralan sa pagdinig. Maaaring hadlangan ng opisyal sa pagdinig ang sinumang partido na nabigong sumunod sa iniaatas na ito mula sa pagpapakilala ng nauugnay na pagsusuri o rekomendasyon sa pagdinig nang walang pahintulot ng ibang partido..

## Habang Ginaganap ang Pagdinig

May karapatan kang katawanin ang iyong sarili sa kaukulang proseso sa pagdinig. Karagdagan pa, sinumang partido sa kaukulang proseso sa pagdinig (kasali rito ang pagdinig na nauugnay sa mga pandisiplinang pamamaraan) ay may karapatang:

- Masamahan at payuhan ng abogado at/o mga taong may espesyal na kaalaman o pagsasanay may kinalaman sa mga problema ng mga batang may kapansanan;
- Katawanin ang kaniyang sarili o katawanin ng lisensyadong abogado sa estado ng Texas o ng indibidwal na hindi isang lisensyadong abogado sa Texas subalit may espesyal na kaalaman o pagsasanay may kinalaman sa mga problema ng mga batang may kapansanan at natutugunan ang mga kwalipikasyong itinakda sa19 TAC §89.1175 (Link: bit.ly/2XFtKq9)
- Magharap ng ebidensya at komprontahin, suriin, at iatas ang pagdalo ng mga saksi;
- Ipagbawal ang introduksyon ng anumang ebidensya sa pagdinig na hindi isiniwalat sa partidong iyon sa loob ng di-bababa sa limang araw bago ang pagdinig;
- Kumuha ng nakasulat, o, sa iyong opsyon, elektroniko, salita-por-salitang rekord ng pagdinig; at
- Kumuha ng nakasulat, o, sa iyong opsyon, elektronikong natuklasan sa mga katotohanan at desisyon.

## Matapos ang Pagdinig

Ang opisyal sa pagdinig ay magbibigay ng desisyon. Ang pasya ng opisyal sa pagdinig ay kailangang bumuo ng makabuluhang pangangatuwiran base sa pagtitiyak kung ang iyong anak ay tumanggap ng FAPE. Kung ikaw ay magreklamo ukol sa kamalian ng pamamaraan, maaaring madiskubre lamang ng opisyal sa pagdinig na hindi tumanggap ng FAPE ang iyong anak kung ang kamalian: ay humadlang sa karapatan ng iyong anak sa FAPE; ay pinagkaitan ang iyong anak ng kanyang mga benepisyong pang-edukasyon; o lubhang nakialam sa iyong pagkakataon na lumahok sa proseso ng pagbuo ng pagpapasya patungkol sa FAPE para sa iyong anak. Wala sa mga probisyon na inilarawan sa itaas ang maaaring bigyang kahulugan upang mapigilan ang opisyal sa pagdinig mula sa paguutos sa paaralan na sumunod sa mga iniaatas sa seksyon ng mga pamamaraan sa pangangalaga ng pederal na mga regulasyon sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA (34 CFR § §500 hanggang 300.536).

Kailangang siguruhin ng TEA na makamit ang panghuling pasya at mapadala ito sa mga partido sa loob ng 45 araw ng kalendaryo pagkatapos ng katapusan ng yugto ng resolusyon na 30 araw ng kalendaryo, o ang isinaayos na yugto ng resolusyon kung naaakma. Isang panghuling pasya ang kailangang makamit sa pinabilis na pagdinig sa loob ng 10 araw na may pasok sa paaralan simula sa petsa ng pagdinig. Maaaring magkaloob angopisyal sa pagdinig ng partikular na palugit para sa magandang dahilan sa kahilingan ng sinumang partido sa isang di-pinabilis na pagdinig. Maaaring hindi magkaloob ang opisyal sa pagdinig ng palugit sa isang pinabilis na pagdinig. Ang pasya ngopisyal sa pagdinig (kasama ang desisyon sa pagdinig na kaugnay ng mga pandisiplinang pamamaraan) ay pinal, maliban kung ang isang partido ay umapela sa desisyon sa pang-estado o pederal na korte ayon sa nakalarawan sa ibaba.

Kailangang ipatupad ng paaralan ang pasya ng opisyal sa pagdinig sa loob ng panahong idinikta ng opisyal sa pagdnig, o kung walang idiniktang panahon, sa loob ng 10 araw na may pasok sa paaralan pagkatapos ng petsa ng kapasyahan ay ibinigay kahit na ang paaralan ay umapela sa pasya, maliban sa ang anumang pagbabayad para sa mga nakaraang gastos ay maaaring pigilin hanggang ang apila ay mapagpasyahan. Walang anuman sa seksyon ng mga pamamaraan sa pangangalaga ng mga pederal na regulasyon sa ilalim ng bahagi B ng IDEA (34 C.F.R. §§300.500 hanggang 300.536) ay maaaring bigyang kahulugan upang mapigilan ka na maghain ng isang hiwalay na kaukulang proseso sa reklamo sa isang isyu na hiwalay mula sa isang kaukulang proseso sa pagdinig na naihain na.

## Mga Natuklasan at Desisyon sa Advisory Panel at ang Pangkalahatang Publiko

Matapos tanggalin ang anumang personal na makikilalang impormasyon mula sa desisyon ng opisyal sa pagdinig, dapat ibigay ng TEA ang desisyon (na naglalaman ng mga natuklasan at desisyon ng opisyal sa pagdinig) sa advisory panel ng estado. Sa Texas, ang advisory panel ng estado ay tinatawag na Continuing Advisory Committee. Dapat ding gawing available ng TEA ang desisyon para sa publiko.

## AksyongPangsibil

Ang sinumang partido (ikaw o ang paaralan) na hindi sumasang-ayon sa mga natuklasan at desisyon sa kaukulang proseso sa pagdinig (kasama ang isang pagdinig na nauugnay sa mga pamamaraan sa disiplina) ay may karapatang umapela sa mga napag-alaman ng opisyal sa pagdinig at ang kanyang pasya sa pamamagitan ng pagsasampa ng aksyong pangsibil kaugnay ng paksa ng kaukulang proseso sa pagdinig. Ang aksyon ay maaaring dalhin sa isang korte ng estado, na may awtoridad na pakinggan ang ganitong uri ng kaso o sa isang korte ng distrito ng Estados Unidos nang hindi isinasaalang-alang ang halagang pinagtatalunan at dapat dalhin nang hindi hihigit sa 90 araw ng kalendaryo pagkatapos ng petsa kung kailan inilabas ang kapasyahan. Bilang bahagi ng proseso ng pag-apela, kailangang matanggap ng korte ang mga rekord ng kaukulang proseso sa pagdinig, marinig ang karagdagang ebidensya sa kahilingan ng sinumang partido, at ibase ang pasya sa nangingibabaw na ebidensya, at maggawad ng anumang akmang ginhawa.

Wala sa IDEA ang naglilimita sa mga karapatan, pamamaraan, at remedyo na magagamit sa ilalim ng Saligang Batas ng Estados Unidos, ang Batas ng mga Amerikanong May Kapansanan ng 1990, Pamagat V ng Rehabilitation Act ng 1973 (Seksyon 504), o anumang iba pang mga batas na pederal na nagpoprotekta sa mga karapatan ng mga batang may kapansanan, maliban na bago maghain ng isang aksyong pangsibil sa ilalim ng mga batas na ito sa korte na humihingi ng kaluwagan na magagamit din sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA, ang kaukulang proseso sa pagdinig na ibinigay sa ilalim ng IDEA at inilarawan sa itaas ay dapat na maubos sa parehong lawak tulad ng hinihiling kung isampa mo ang pagkilos sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA. Nangangahulugan ito na maaari kang magkaroon ng mga remedyo na magagamit sa ilalim ng iba pang mga batas na nangingibabaw sa iba pang magagamit sa ilalim ng IDEA, ngunit sa pangkalahatan, para makakuha ng kaluwagan sa ilalim ng iba pang mga batas na iyon, kailangan mo munang gamitin ang mga makukuhang administratibong pangremedyo sa ilalim ng IDEA (hal., ang kaukulang proseso sa reklamo; proseso ng resolusyon, kasama ang pagpupulong para sa resolusyon; at walang pinapanigan na pamamaraan sa kaukulang proseso sa pagdinig) bago maghain ng aksyon sa korte.

### Mga Bayad sa Abogado

Sa anumang pagkilos o pagpapatuloy na isinailalim sa Bahagi B ng IDEA, ang korte, sa paghuhusga nito, ay maaaring magbigay ng makatuwirang bayarin sa abogado bilang bahagi ng mga gastos sa iyo, kung mananaig ka (manalo).

Sa anumang aksyon o pagpapatuloy na isinailalim sa IDEA Part B, ang korte ay maaaring, sa paghuhusga niya, igawad ang makatuwirang bayarin ng abogado bilang bahagi ng mga gastos sa isang umiiral na paaralan o ahensya ng edukasyon sa estado, na babayaran ng iyong abogado, kung ang abogado ay: (a) nagsampa ng reklamo **o** kaso ng korte na nakita ng korte na walang kabuluhan, walang katuwiran **o** walang pundasyon; **o** (b) nagpatuloy sa paglilitis matapos ang paglilitis na malinaw na naging walang kabuluhan, walang katuwiran, **o** walang pundasyon; **o**

Sa anumang aksyon o pagpapatuloy na isinailalim sa IDEA Part B, ang korte ay maaaring, sa paghuhusga niya, igawad ang makatuwirang bayarin ng abogado bilang bahagi ng mga gastos sa isang nananaig na ahensya ng edukasyon sa estado, na babayaran mo o ng iyong abogado, kung ang iyong kahilingan para sa isang kaukulang proseso sa pagdinig o sa kalaunang kaso ng korte ay ipinakita para sa anumang hindi wastong layunin, tulad ng panliligalig, upang maging sanhi ng hindi kinakailangang pagkaantala, o upang hindi dagdagan ang gastos ng aksyon o pagpapatuloy (pagdinig).

Ang isang korte ay nagbibigay ng makatuwirang bayarin sa abogado tulad ng sumusunod:

- Ang mga bayarin ay dapat na nakabatay sa mga presyo na nananaig sa pamayanan kung saan lumitaw ang aksyon o pandinig para sa uri at kalidad ng mga serbisyong inilaan. Walang bonus o multiplier na maaaring magamit sa pagkuwenta ng mga iginawad na bayarin.
- Ang mga bayarin ay hindi maaaring igawad at ang mga kaugnay na gastos ay hindi maaaring ibalik sa anumang aksyon o pagpapatuloy sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA para sa mga serbisyong isinagawa matapos ang isang nakasulat na alok ng pag-areglo sa iyo kung:
    - Ang alok ay ginawa sa loob ng oras na inireseta ng Patakaran 68 ng Pederal na Mga Panuntunan sa Pamamaraang Sibil

- o, sa kaso ng kaukulang proseso sa pagdinig, sa anumang oras na higit sa 10 araw ng kalendaryo bago magsimula ang paglilitis.;
- Ang alok ay hindi tatanggapin sa loob ng 10 araw ng kalendaryo;
- at Natuklasan ng korte o administratibong opisyal sa pagdinig na ang kaluwagan na nakuha mo sa wakas ay hindi mas kanais-nais para sa iyo kaysa sa isa pang alok ng pag-areglo.

Sa kabila ng mga paghihigpit na ito, maaaring ibigay sa iyo ang isang gantimpala ng mga bayarin sa abogado at mga kaugnay na gastos kung mananaig ka at malaki ang iyong katuwiran sa pagtanggi sa alok ng pag-areglo.

Ang mga bayarin ay hindi maaaring igawad na nauugnay sa anumang pagpupulong ng komite ng ARD maliban kung ang pagpupulong ay gaganapin bilang isang resulta ng isang paglilitis sa administrasyon o pagkilos ng korte. Ang pagpupulong para sa resolusyon, tulad ng inilarawan sa itaas, ay hindi itinuturing na pagpupulong na tinatawag bilang resulta ng administratibong pagdinig o pagkilos ng korte at hindi itinuturing bilang administratibong pandinig o pagkilos ng korte para sa mga layunin ng mga paglalaan ng bayad sa mga abogadong ito.

Binabawasan ng korte, kung naaangkop, ang halaga ng mga bayarin sa abogado na iginawad sa ilalim ng bahagi B ng IDEA kung nalaman ng korte na:

- Ikaw o ang iyong abogado, sa panahon ng pagkilos o pagpapatuloy, ay hindi makatuwirang inantala ang huling resolusyon para sa pagtatalo;
- Ang halaga ng mga bayarin ng abogado kung hindi pinahintulutan na iginawad nang hindi makatuwiran ay lumampas sa presyo kada oras na nananaig sa pamayanan para sa mga katulad na serbisyo ng mga abogado na may makatuwirang katulad na kasanayan, reputasyon, at karanasan;
- Ang oras na ginugol at naibigay na mga serbisyong ligal ay labis kung isinasaalang-alang ang likas na katangian ng pagkilos o pagpapatuloy; o
- Ang abogado na kumakatawan sa iyo ay hindi nagbigay sa paaralan ng naaangkop na impormasyon sa kaukulang proseso sa reklamo tulad ng inilarawan sa itaas sa seksyon tungkol sa kaukulang proseso sa reklamo.

Gayunpaman, hindi maaaring bawasan ng korte ang mga bayarin kung nalaman nitong ang paaralan o ang estado ay hindi makatuwirang inantala ang huling resolusyon ng pagkilos o pagpapatuloy o mayroong paglabag sa ilalim ng mga probisyon ng pangangalaga sa pamamaraan ng bahagi B ng IDEA.

**Magsisimula ang patakaran ng estado kaugnay ng programa ng kaukulang proseso sa pagdinig ukol sa espesyal na edukasyon sa [19 TAC §89.1151 (Link: bit.ly/3nQcmtG).](bit.ly/3nQcmtG)**

Sadyang iniwang blangko ang pahinang ito.

## Impormasyong ng Pakikipag-Ugnayan

Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa impormasyon sa dokumentong ito o kailangan mo ng magpapapaliwanag sa iyo, mangyarig makipag-ugnayan sa:

**Impormasyon ng Lokal na Ugnayan**

| Paaralan | Sentro ng Serbisyong Edukasyon | Iba pang Sanggunian |
|---|---|---|
| Pangalan: | Pangalan: | Pangalan: |
| Telepono: | Telepono: | Telepono: |
| E-mail: | E-mail: | E-mail: |

Kung kailangan mo ng impormasyon tungkol sa mga isyu sa espesyal na edukasyon, maaari mong tawagan ang Special Education Information Center sa 1-855-SPEDTEX (1-855-773-3839). Kung tatawagan mo ang numerong ito at mag-iiwan ka ng mensahe, may tatawag sa iyo kapag normal na oras ng serbisyo. Ang mga indibidwal na bingi o hirap makarinig ay maaaring tumawag sa parehong numero sa itaas at gamitin ang Relay Texas sa 7-1-1.

Kung may katanungan ka tungkol sa nakabinbin na reklamo sa espeyal na edukasyon, pakitawagan ang 512-463-9414. Kung may mga tanong ka tungkol sa nakabinbin na pamamagitan o kaukulang proseso sa pagdinig, tawagan ang nakatalagang tagapamagitan o opisyal sa pagdinig.

## Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan para sa Paglutas ng Pagtatalo

| | | | |
|---|---|---|---|
| Kapag humihiling ng Pinangangasiwaang IEP, ipadala ang kahilingan sa:<br><br>**State IEP Facilitation Project**<br>Texas Education Agency<br>1701 N. Congress Avenue<br>Austin, TX 78701-1494<br>o<br>Fax: 512-463-9560<br>o<br>specialeducation@tea.texas.gov | Kapag nagsasampa ng Reklamo ukol sa Espesyal na Edukasyon, ipadala ang reklamo sa:<br><br>**Special Education Complaints Unit**<br>Texas Education Agency<br>1701 N. Congress Avenue<br>Austin, TX 78701-1494<br>o<br>Fax: 512-463-9560<br>o<br>specialeducation@tea.texas.gov | Kapag humihiling ng Pamamagitan, ipadala ang kahilingan sa:<br><br>**Mediation Coordinator**<br>Texas Education Agency<br>1701 N. Congress Avenue<br>Austin, TX 78701-1494<br>o<br>Fax: 512-463-6027<br>o<br>SE-Legal@tea.texas.gov | Kapag nagsasampa ng Kaukulang Proseso sa Reklamo, ipadala ang reklamo sa:<br><br>**Special Education Due Process Hearings**<br>Texas Education Agency<br>1701 N. Congress Avenue<br>Austin, TX 78701-1494<br>o<br>Fax: 512-463-6027<br>o<br>SE-Legal@tea.texas.gov |

**Mangyaring pumunta sa Department of Special Education website ng TEA sa**

https://tea.texas.gov/TexasSped